Ang Pag-agaw

Yuma, Arizona, USA
Desyembre 4,1965

1 ... kay Yuma. Isang malaking pribilehiyo ang maanyayahang muli rito. Napakaganda ng naging pagtitipon natin nung huli kaming maparito at ako — nang malaman kong ako'y magbabalik ay nagalak akong tunay. Ang mapakinggan ang mga patotoo at mga napakainam na pananalita ng mga taong ito, ay sadyang nakapagpapalakas ng loob mo.

2 Sinabi sa akin ni Billy na isang kapatid sa Las Vegas ang nais magdaos ng pagtitipon doon sa tsapter at kailangang makipagkita ako sa kaniya pagkatapos ng gawain dito. May panahon tayo, ang sabi niya, upang sumaglit sa — sa Las Vegas sa Enero, bago sumapit ang gawain sa Phoenix. Kaya't nais talaga naming makapunta roon. Wari ko'y si Brother Art Wilson. ay dating naninirahan doon, O maaaring naroon pa rin siya hanggang ngayon. At inanyayahan niya akong tumungo roon, siya at si Sister Wilson. Nguni't hindi ako nagkaroon ng pagkakataon noon kaya't maaring ito na ang pakakataon ko para makapunta ako roon.

Makipagkita kayo kay Billy Paulo kay Brother Roy Borders — palagay ko'y naririto lamang siya. May nakapagsabing naririto siya sa loob — Si Brother Pearry, Lee, O sino man sa kanila, maaari nilang sabihin sa inyo, sila ang makapagsasabi sa inyo, at itakda n'yo lang ang petsa kung kailan kami dapat pumarito.

3 Ngayon, marami akong nakitang mga ministro rito kangina at ako'y nagagalak na makilala ang aking mga kapatiran. Sana ay may panahon ako . . . na umuwing kasama n'yo sa inyong mga tahanan, dahil alam kong nasa inyo ang pinakamahusay na kusinero sa buong lalawigan. Mabuti 'yan. At ako'y..

Nakadalawa si Brother Pearry ngayong gabi. Dalawa na ang marka niya ngayon: ang isa ayang pagkaputol ng mikropono sa labas. Ikawikaw ang may kasalanan no'n, Brother Pearry. Sa palagay ko'y hindi naman talaga ikaw ang nagkamali, datapuwa't ikaw . . . "Mayroon sanang magsasalita." Ang ganda no'n, ah. 6 Kaya nga, muli siyang lumabas at nagsalita; ang sabi niya, "Ano sa palagay n'yo . . . "Kausap niya si Bro.Collins at ang ilan sa kanila, ang sabi, "Masarap sana ang hapunan, kaya lang," ang sabi, "sasabihin ko sa inyo," ang sabi niya, "malamang Kastila ang lalaking 'yon O kaya'y Mexicano. lyon ang pinakamaanghang na siling natikman ko!" gano'n ang tema ng pananalita niya; ang kausap pala niya ay ang kusinero. Ang sabi niya, "Ako ang kusinero."

'Yan ang Texas para sa 'yo. ltutuwid natin siya rito sa Arizona' di ba, kapag lumaon kung magtatagal siya rito — sa piling natin?

Tunay na mainam na maparito. At palagay ko hindi naman pagbibiro ang mga ito, kundi sense of humor lang. At ang Panginoon nga mismo ay may sense of humor, alam n'yo. Ang sabi Niya, "Herodes . . . Humayo ka at sabihin mo sa asong gubat na 'yon. (Kita n 'yo) N gayon ay —Hindi na ako magpapalabas ng mga diablo ngayon . . . Ako'y sakdal na.' Kaya kung Siya nga ay may sense of humor, aba'y hindi naman makasasama ito sa atin, paminsan-minsan.

4 At ngayon, may. . . medyo gabi na ngayon. At kung mangaral ako, karaniwa'y mga apat na oras. Kaya, alam naman natin ang kabutihan ng mga kapatiran sa dakong ito, kaya't iiklian natin ito ng husto ngayong gabi. At, OO, sinabi ko na kay Terry, ang sabi ko . . . Ang sabi niya, "Gaano . . . Dalawang oras ba ang isasalang nating tape?" 10 Ang sabi ko, "Huwag, Terry; ito ay isang — isang banquet." Ang sabi ko, "Mga tatlumpu O apatnapung minuto lang akong mangungusap sa mga tao tungkol sa — sa isang bagay na . . ." Sinisikap kong ganitong lagi ang gawin dahil sa alam kong . . ."

5 Noong ako'y bata pa, — nagsasadya at nakikinig ang mga tao sa akin dahi I ako noo'y isang — isang batang mangangaral, batang bata pa, masigla pa. At sasabihin nila, "Buweno, Billy Branham." Alam n'yo na, isang batang walang alam - babahagyang nakatungtong sa paaralan at walang pinag-aralan. At sila'y nagsisidalo upang pakinggan ang mga baluktot kong pananalita, ang aking Ingles Kentucky. At — at kaya nga sila'y — ang mga hits at haints ko at mga totes at carry. Kagaya nung minsan sa isang gawain dito, di pa katagalan, ang sabi nila, "Tumayo tayong lahat at awitin natin ang Pambansang Awit."

Tumayo ako at umawit, "Para sa aking tahanang Kentucky sa malayong dako." 'Yun lang kasi ang kilala kong bansa kaya't 'yun ang Pambansang Awit para sa 'kin.

6 Kaya ngayon, kapag pala nagkakaedad ka na, aba eh, kami — kung pupunta kayo rito, aba'y dapat lang na higit diyan ang marinig n'yo sa 'kin. Alam n'yo, tayo'y . . . si Pablo ay nagsabi, "Nang ako'y bata pa, ako'y nagsasalita tulad sa isang bata at nag-iisip tulad sa isang bata." Kumikilos kang tulad sa isang bata, subali't sa iyong pagtanda, magpapasimula kang - mula sa unang dalawa mong hakbang at pagkatisod at pagkadapa, pagkatapos ay tatayo ka at muling susubok. At ikaw ay — at paglipas ng panahon ay matututo ka nang lumakad nang tuwid. At iyan ang dapat nating gawin bilang mga sundalo ng krus; ngayon ang oras upang tayo ay lumakad nang matuwid sa daang iyon patungo sa kaluwalhatian.

7 Ako'y naniniwala na tayo'y nabubuhay sa mga pangwakas na tagpo ng kasaysayan ng sanlibutang

ito. Ako'y totoong naniniwala na ang pagdating ng Panginoon ay maaaring mas malapit na kaysa sa inaakala natin. Kaya ngayon, sa loob ng mga tatlumpung minuto, ay nais kong tawagin ang inyong pansin sa isang Kasulatan na nais kong gamitin bilang te — teksto at tumukoy sa iIan pa rito. Na — nasa bahay ako noong isang araw at habang ako'y nakaupo ay pinagbulay-bulayan ko ang kaisipang ito. At naisip ko, "Buweno, hindi ko alam, mula sa napakaraming talatang ito ay kukuha ako ng bahagi nito para sa maiikling gawaing kagaya ng gaganapin natin ngayong gabi. May isang bagay akong sasabihin habang binubuklat n 'yo ang mga Awit sa — sa ika-27 na Awit, nais kong basahin ang unang Iimang talata.

8 Nais kong sabihin ito patungkol sa Full Gospel Business Man — sa mga tsapter ng Full Gospel Businessmen. Ang Kapatid kong si Pearry ay may sinasabi tungkol sa mga aklat at iba pa, at sa mga bago nilang mga aklat. Sino ang nakakaalala nang tayo'y - na sa 'kin ang teyp at ito'yipinangaral ko ito rito sa Phoenix, sa isa sa mga kapulungan, ang Mga Ginoo, Anong Oras na Po? [Aklat ng Spoken Word Bol. 2, BIg. 11 — Ed.] Ngayon, iyon ang pasimula ng aklat na iyon (nauunawaan ba ninyo?) nang ang — nang maganap ito. 16 Lubhang napakaraming supernatural na katibayan ng nasulat na Salita ng Diyos para sa oras na ito ang naganap upang hindi natin makitang may napipintong maganap sa atin ngayon. Tayo'y sadyang — napakatotoo nito. Kita n 'yo, ang mga bagay na inyong. .. magiging kamangha-mangha para sa inyo kung isasaysay ko sa inyo na — kung ano talaga ang nagaganap. Mararni sa inyong mga dayuhan ang marahil ay ang nakarinig ng mga sinabi ng ilang mga tao tungkol sa Mensahe ng kapanahunang ito at iba pa. Ang gusto nilang tukuyin ay ang pangako ng Diyos sa oras na ito, na nangako Siya kung ano ang gagawin Niya, at nakikita nating pinapatunayan Niya ang mga ito sa Kasulatan nang tugmang-tugma. Naihula, naganap kung paanong naihula, sa tuwina'y tugmang-tugma kung ano ang gagawin Niya sa gayon ding paraan. Naihula iyon, naganap nang tugmang-tugma, sakdal na sakdal sa bawat pagkakataon, sapagkat ang Diyos ang nagsasalita niyon.

9 Kung ang isang tao, sino man siya, ay susubok na manghula . . . Ang tsansang ang hula'y maganap, kung magsasabi ang sinuman ng bagay na mangyayari, at maganap ito sa naihulang panahon, ay isa sa sampung milyon. At para tukuyin ang pook ng pangyayarihan, ang tsansa'y isa sa isandaang milyon. At pagkatapos ay ang oras ng pangyayari, at tuluy-tuloy ito. At kung paano iyon mangyayari at kung ano'ng dahilan ng pangyayari at iba pa, ito'y higit pa sa isang hula. Kapag nakikita natin itong nangyayari nang tamangtama sa bawat pagkakataon, kung gayon,ang Diyos na iyon. Ito'y . . . At kung magkagayon, binabalikan natin ang Kasulatan — maaaring maging bago ito para sa atin, ngunit sa pagbuklat natin sa Kasulatan nang hindi nga natin alam kung saan dapat maghanap, ang Espiritu Santo ang nagdudugtong-dugtong ng mga ito at binubuo Nito ang kabuuan ng Salita, bumubuo ito ng isang larawan upang ipakita sa atin ang oras na kinabibilangan natin. Nagpapalit na tayo ng dispensasyon.

10 Pa — Paliko na tayo. Madali para sa isa ang lumiko — para sa isang mason — dadako sa kanto at magpapasimulang . . . Lahat ay makapagaasinta ng mga laryo sa iisang hanay, tulad ng isang denominasyon na nagpapasimula, nag-aasinta ng isang hilera ng laryo, madali lantg ito; nguni't pagdating na sa mga kanto kung saan nag-iiba ang direksiyon ng asintada. . . Ngayon, ang Diyos ay hindi nagtatayo ng isang pader. Siya'y nagtatayo ng isang bahay. Kita n 'yo? At napakaraming mga putol at liko ang inihula Niya sa Biblia. At ang mga pagliko ang. . . Sinuman ay makapag-aasinta nang paliko datapuwa't dapat itong umayon sa pIano. Kung hindi ay kailangang gibain itong muli.

11 Kaya't pi — pinupuri natin ang Diyos dahil sa Kaniyang kabutihan at sa pagsasama-sama natin, sampu ng mga pintong bukas na ipinagkaloob sa atin ng Panginoon. At sa pamamagitan nitong Business Men. . . Noon ko pa ipinaglalaban na ako — hindi ako naniniwala sa . . . naniniwala ako sa mga taong nasa loob ng denominasyon, datapuwa't wala akong panahon upang itaas ang mga ito, dahil ang bawat isa sa kanila ay gumagawa ng bakod sa palibot niya, at . . .

At katulad lang 'yan ng . . . kung di ako nagkakamali'y si Brother David ang nagwika nito, tungkol sa pag-aalaga niya ng mga itik noon, ang sabi niya tumataas ang ilog at ang bawat itik, alam n'yo, ay nais makisama sa isa't isa datapuwa't hindi nila magawa dahil nakukulong sila ng bakod. Nguni't tumaas nang tumaas ang tubig, hanggang sa lumutang ang mga itik palabas ng kulungan. Kaya nga sa pa — palagay ko'y gano'n ang dapat gawin. Sadyang ito'y . . . Ang tubig ay tumataas na (nakikita ba ninyo?), at maaari na tayong lumuksong palabas sa ating mga kulungan at makisama sa isa't-isa, alam n'yo na, at taglayin ang tunay na pag-ibig ni Cristo sa ating puso.

12 At itong Full Gospel Business Men ay nagsisilbing isang — isang malagong halamanan sa gitna ng disyerto para sa akin, dahil kadalasan, may mga kapatiran ako, mga mabubuting kapatid na lalaki na nasa iba't ibang denominasyon, mga Presbyterian, Lutheran, Baptist, Pentecostal, ang —lahat ng uri — ng Pentecostal, Church of God, at mga Nazarene, Pilgrim Holiness, mga butihing kapatid kung saan-saan . . . Nguni't kadalasan ay hindi nila ako maanyayahan sa kanilang mga pagtitipon dahil sa . . . Kita n'yo? Hindi dahil sa hindi sila naniniwala, kundi dahil baka sila'y itiwalag ng kani-kanilang denominasyon. At kapag gano'n ang ginawa mo, anupa't iyon — iyon na ang tatapos no'n.

Dito hindi pa katagalan, may isang kapatid na Metodistang lumapit sa akin. Hindi ko na babanggitin ang pangalan niya, isang butihing lalaki. Siya noo'y sumusulat ng isang tisis tungkol sa Pagpapagaling ng

Diyos, at lumapit siya sa akin upang maki — makipag-usap. Naupo kami at nagusap ng kaunti. At ang sabi niya, “Isang bagay lang ang hindi namin gusto sa iyo, lagi ka kasing nakikisama sa mga Pentecostal.” Ang sabi ko, “Kung gayon ay kayo namang mga Metodista ang magtaguyod ng gawain at darating ako.” Iba na 'yon. Kita n'yo? Ang — ang sabi niya, “Buweno, mangyari'y — hindi naman ako ang Iglesia Metodista; kabilang lamang ako sa kanila.”

Sabi ko, “Iyon na nga, eh!” Kita n'yo? Kita n'yo? “Sila lang kasi, ang mga Pentecostallang ang nagbubukas ng pinto.” Kita n 'yo? Kaya sila lang ang napupuntahan ko.“ Kaya nga sa lahat ng nais magbukas, aba'y handa kaming pumasok. Tulad ng nasa Apocalipsis sa ikatlong kabanata ay sinabi Niya, ''Narito Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok. Kung ang sinoman ay magbukas ng pinto, Ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya.” At si Jesus iyon. Noon pa ma'y alam kong si Cristo iyon. At Siya ang Salita. Tama! Siya ang Salita.

13 Kaya nga ang Full Gospel Businessmen ay mistulang isang malagong halamanan sa gitna ng disyerto kung saan ay maaari tayong magkatipon. Walang mga simbahang nagtataguyod nito. Lahat sila'y nagtutulung-tulong, mga taong nagmula sa iba't-ibang simbahan, at lahat tayo'y nagsasarnasarna rito, sa buong mundo, sa palibot, sa lahat ng dako.

At ako'y tumulong sa pagtatatag ng napakaraming sangay ng Full Gospel Business Men sa buong mundo. Ako'y nagpapasalamat sa pagkakataong ito na naipagkaloob sa akin. Dito, ang mga mangangalakal ang magtataguyod nito, at ang lahat ng mga simbahan, da — dahil nais din naman nilang makilahok. Nguni't kung. . . ayaw kong hilahin ang sinuman palabas ng kaniyang iglesia. Manatiti lang kayo sa inyong mga iglesia at isambulat ninyo ang Liwanag. Kita n 'yo? Maging tunay kayong Cristiano; pagpapahalagahan kayo ng inyong pastor. Ang isang tunay, tapat, totoong taong .banal, sinumang tao na nananalig sa Diyos ay magpapahalaga sa isang taong tulad niyan. Siyanga!

Ngayon, pinasasalamatan ko ang kapatid nating ito, sampu ng kaniyang maybahay at ang sangay na ito dahil sa pagkakataong ito. At nawa ay lumago ang sangay na ito; nawa'y pagpalain ito ng Diyos, at maging instrumento nawa ito sa kamay ng Diyos sa pagliligtas ng daan-daang tao bago dumating ang Panginoon. Gano'n din sa iba pang mga sangay - O sa mga kinatawang naririto mula sa ibang nga sangay . . .

14 Sa aklat ng mga Awit . . . Ngayon, nais kpng mangusap tungkol sa isang - isang kakaibang paksa ngayong gabi sa loob lamang ng maikling panahon. May ilang mga Kasulatan akong isinulat dito, at — at naisip kong marahil ay . . . Sa gabing ito ay nais ko sanang mangusap tungkol sa isang paksang kakaiba. Datapuwat, alam n 'yo, mabilis tumakbo ang oras, aba'y hindi ko gustong masyadong magtagal, kaya't bumuklat ako rito at kumuha ako ng ilan pang mga Kasulatan. At nais kong mangusap tungkol sa paksang, Ang Pagagaw.

15 Ngayon, naniniwala tayong magkaroon ng isang pag-agaw. Lahat ng Cristianong bumabasa ng Biblia ay naniniwala na may pag-agaw. 29 At ngayon, basahin — bilang panlikod na larawan, basahin natin ang ika27 kabanata ng Mga Awit, talatang 1-5. Ang Panginoon ay aking liwanag at aking kaligtasan; kanino ako matatakot? Ang Panginoon ay katibayan ng aking buhay; kanino ako masisindak?

Nang dumating sa akin ang mga manggagawa ng kasamaan upang kanin ang aking laman, ang aking mga kaaway at aking mga kaalit, sila' y nangatisod at nangarapa.

Bagaman ang isang hukbo ay humantong laban sa akin,hindi matatakot ang akingpuso; bagaman magbangon angpagdidigma laban sa akin, gayon ma y tiwala rin ako. lsang bagay ang hiningi ko so Panginoon na aking hahanapin; na ako y makatahan sa bahay ng Panginoon, lahat ng mga kaarawan ng aking buhay, upang malasin ang kagandahan ng Panginoon, at magusisa sa kaniyang templo. Sapagka't sa kaarawan ng kabagabagan ay iingatan niya ako

na lihim sa kaniyang kulandong; sa kublihan ng kaniyang tabernakulo ay ikukubli niya ako; kaniyang itataas ako sa ibabaw ng isang malaking bato. Nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kaniyang mga pagpapala sa pagbasa ng Kaniyang Salita.

16 Ngayon sa araw na ito, tungkol sa paksang ito . . . At ngayon, maaaring ang iba sa inyo ay iba - kaysa sa lansangang tinatahak ko, nguni't ilan ba sa inyo ang naniniwala na itinuturo ng Biblia na magkakaroon ng pag-agaw ng Iglesia? (Opo! tama 'yan! . . ? . . .) Isang pag-agaw ng iglesia. Maging ikaw man ay isang Metodista, Baptist, Presbyterian O maging sino ka man, Pentecosta1 ka man, magkakaroon ng isang pag-agaw.

At sa palagay ko, sa aking pagsasalita, hi — hindi lang ako basta pumapanhik dito, para lang mangaral ng mga bagay na inaakala kong makapagbibigay ng kasiyahan sa mga tao. Kailanman ay hindi ko ito ginawa. Nais kong pumarito at mangaral ng mga bagay ayon sa patnubay sa 'kin, na alam kong makakatulong sa inyo, isang bagay na makapagpapalawak ng inyong karanasan sa Diyos kung ikaw ay isang Cristiano, at kung ikaw ay hindi Cristiano ay labis mong ikahihiya ang sarili mo at ikaw ay

magnanasang maging isang Cristiano. At iyan ang dahilan kung bakit ihinahanay ko ang aking mga kaisipan sa pamamatnubay sa akin ng Panginoon.

17 Ngayon, tayo ay binalaan, ayon sa doktrina sa mga huling araw na tayo ay lilibakin. Kung mamarapatin n 'yo. . . Basahin natin iyon sumandali. Nasa II Pedro ito, ikatlong kabanata. Basahin natin ito sandali, sa ika-3 kabanata at ang ika-3 at ika - 4 na talata. Tingnan natin kung ito ay hindi tama. Na maalaman muna ito, na sa mga huling araw ay magsi siparito ang mga manunuya na may pagtuya, na magsisi lakad ayon sa kanikanilang masasamang pita, At magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang pagparito? Sapagkat buhat nang araw na mangatulog ang mga magulang; ay nangananatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nito mula nang pasimulan ang paglalang. Sapagka't sadyang nilimot nila, na mayroong sangkalangitan mula nang unang panahon, at isang lupang inanyuan sa tubig at sa gitna ng tubig, sa pamamagitan ng salita ng Diyos:

Na sa pamamagitan din nito ang sanlibutan noon, na inapawan ng tubig, ay napahamak:

18 Ngayon, nakikita natin na kaya ipinagwawalang — bahala ang paksang ito, ay sapagkat sinabi ng propeta na sa mga huling araw ay magsisilitaw ang mga manlilibak at magsisipagwika ng mga bagay na ito. Kita n'yo? Naihula na ito. Ang dahilan kung bakit ganito ang inaasal ng mga tao ngayon ... . Aba, eh, talagang ito ang aasahan mo, 'pagkat sinabi ng Biblia na: "Sa mga huling araw sila'y magiging mapagmataas, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag; mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, hindi mga maibigin sa mabuti, na may anyo ng kabanalan, datapuwa't tinanggihan ang kapangyarihan nito; lumayo ka rin naman sa mga ito." Dapat ba tayong makakita ng panggagaya ng Katotohanan? Dapat!

19 Nang magtungo si Moises sa Egipto upang iligtas ang mga anak ni Israel na ang tanging dala ay isang tungkod lamang bilang pagpapatunay, na ang Diyos ng Langit ay nasa likuran niya, siya ay gumawa ng himala. May nagsisunod na mga mapagpanggap sa kaniya at ginaya ang mga bagay na ginawa niya. Kita n'yo? Ngayon, pumangalawa lamang sila matapos gawin iyon ni Moises. Saka lang sila nagsidating 'pagkat ginagaya lamang nila kung ano ang ginawa niya, tinutularan ang orihinal. Makikita natin iyan. At ngayon, sasabihin ninyo, "Buweno, iyan ay noong panahon ni Moises." Nguni't ang Kasulatan ang siya ring nagsasabi na sila ay magsisibalik sa mga huling araw, "At kung paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises, aygayon din naman ang mga ito na masasama ang pag-iisip tungkol sa Katotohanan." Kita n'yo? Mga pagpapanggap, lahat na lang ng bagay upang in is in ang mga tao.

At kung magkagayon, kapag ang pag-agaw na ito na magaganap . . . At anumang bagay na ihinahanay ng Diyos sa Kaniyang Salita, sa tuwina'y may lumilitaw na mga pangyayari upang hadlangan ito kung maaari. Gaga — ganito ang laging layunin ni Satanas.

Tulad ng sinabi ng kapatid natin sa pagtitipong naganap sa LasVegas, "Si Satanas," 'ika niya, "sakop niya ang sanlibutan at - at ito ang kaniyang punong — himpilan." Alam kong si Satanas ang diyos ng sanlibutang ito. Ang bawat bansa sa silong ng langit ay pinamamahalaan niya. Tamang-tama 'yan! Pagaari ni Satanas ang sanlibutang ito. Nguni't babawiin ito ni Jesus. Minsan na niyang inialok ito kay Jesus ngunit tinanggihan Niya ito; bagkus ang sabi Niya - sapagka't alam Niyang magiging tagapagmana Siya nito sa darating na panahon.

20 Mga manlilibak, kunin muna natin sandali ang salitang iyan, bago tayo magpatuloy. Mga mapanglibak . . . Nagbabasa ako ng isang pahayagan sa Tucson mga dalawang linggo na ang nakararaan, kung saan isang lalaking Ingles mula sa Inglatera ang nagpahayag — naka-hedlayn sa pahayagan na ang pagkakapako raw ng ating Panginoong Jesus Cristo sa krus ay isa lamang sabwatang palabas sa pagitan ni Pilato at ni Jesus, na Siya ay naparoon para — para lang daw Siya matanyag. At walangparaan para pabulaanan natin ito sa kanila, sapagka't lahat ng bagay na nauukol sa Diyos ay dapat tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya. Dapat natin hong paniwalaan. At nagpatuloy siya sa pagsasalaysay kung paano nila itong naisagawa.

21 Dito, kamakailan lang sa dakilang bayan ng London, sa Inglatera, pal a, kung saan sina John at Charles Wesley at marami pa sa mga dakilang mangangaral ng unang panahon, sina Spurgeon at iba pa, ay nangaral ng Ebanghelyo sa mga pamilihan at sa iba't-ibang pook doon, tinanggihan ng tao ang Mensahe ng kanilang panahon, at masdan ninyo kung ano na sila ngayon. Si Brother William at ang kaniyang mga kasama ay naroroon ngayong gabi. Isa ito sa mga pinakamababa, at nakahihiyang bansa sa buong daigdig. Nakalibot na ako sa buong mundo, ngunit wala pa akong nakitang bansang kasing ilehitimo ng — ng — Inglatera. Ito'y isang . . . Ganito rin ang sinabi ni Billy Graham. Aba, kinailangan niyang iiwas ang maybahay niya sa mga parke, kung paanong ang — ang — gawain ng lalaki't babae ay lantarang isinasagawa sa publiko sa mga parke. Noong naroon ako, wala pa akong nakitang bagay na higit pang nakalulungkot kaysa sa mga nagaganap sa Inglatera, isang bansang nagkaroon ng pagkakataong minsang manguna sa daigdig, sa isang repormasyon. Nagpapatunay lamang kung gaano ito maaring bumagsak.

Nguni't nakikita ba ninyo kung ano ang naging sanhi noon, ang mensaheng lumabas sa panahong

iyon, iyon ang pinanghawakan ng mga Ingles .magpahanggang ngayon. Hindi na gagana iyon ngayon. Hindi na maaan. 40 Paano kaya . . .

22 Ano kaya't lumitaw si Moises na ang dala ay ang mensahe ni Noe, "Gumawa tayo ng isang daong at magpatianod tayo sa ilog Nile"? Hindi sana iyon gumana. Hindi rin maaaring gumana ang mensahe ni Jesus para kay Moises. Hindi rin maaaring gumana ang mensahe ni Wesley para kay Luther O ang mensahe ni Luther kay Wesley. At ngayon, tayo — ang pinakahuli nating repormasyon ay ang Pentecostes. At tayo ngayo'y umuusad nang palayo rito, at ang mensaheng Pentecostal ay hindi maaaring humalo rito sapagkat ito'y panibagong araw na. Ang lahat ng ito'y pawang Salita ng Diyos, nguni't ito'y unti-unting nabubuo. Tulad ng mga paa, mga bisig, pataas, binubuo nito ang isang Nobya para sa isang pag-agaw. Kita n'yo, hi — hindi nito ipinipuwera ang mgataong kabilang sa panahong iyon; ipinamuhay nila ang kanilang mensahe. Lahat sila ay kabilang sa magiging Nobya. Tulad ng buhay na dumadaloy sa tangkay ng trigo. Nililisan nito ang trigo — ang tangkay, datapuwa't inaanyuan ng trigo ang sarili nito, tulad ng butil ng trigong nahulog sa lupa.

23 Kailan lamang ay may nabasa akong aklat na isinulat ng isang Aleman habang pamumuna; ang wika niya, "Sa lahat ng — ng mga panatiko sa daigdig, si William Branham ang pinakamalala." Ang sabi niya, "Aba, eh, isa siyang — isa lamang siyang salamangkero. Ginagawa niya ang mga bagay na ito. .." Kita n'yo, hindi alam ng taong iyon . . .

At ang taong iyon ay isang kritiko. Ni hindi siya naniniwala sa Diyos. Ang sabi niya, "Ang isang Diyos na kayang maupo noong Madilim na Kapanahunan, maghahalukipkip at magtatawa sa mga inang Cristiano, na umano'y mga tagasunod Niya — mga Inang karga-karga ang mga musmos nilang anak, at hahayaang lamunin sila ng mga leon at hindi man lamang Niya ikinibo ang kamay Niya upang iligtas sila." Nakikita ba ninyo kung paanong ang kaisipang kamal, kung paanong ang edukasyon at iba pang mga bagay, ay hindi makasasapo ng pangitain?

24 Kailangang mahulog sa lupa ang butil ng trigong iyon.

Tulad ni Jesus na kinailangan munang malugmok upang magbangong muli, gayon din ang iglesia ng Pentecostes ay dapat ding malugmok. Kailangan itong mahulog sa lupa, sa mga Panahong Madilim na iyon. Anumang trigo - anumang butil na mahuhulog sa lupa ay kailangang humimlay sa madilim sa panahong iyon para ito tumubo. Datapuwat nagsimula itong umusbong kay Martin Luther. Nagpatuloy kay Wesley, hanggang sa Pentecostes; at ngayo'y patungo na sa — palabas na sa butil. At ngayon, ang mga sistemang makadenominasyon na kanilang iniwan ay nagmistulang mga uhay na lamang. Iyon na. Susunugin ito, ang sistemang makadenominasyon. Datapuwa't ang tunay na butil ng trigo na nagsilabas sa bawa't repormasyon ay mapapabilang sa Nobya. Sila ang bubuo sa Nobya.

25 Ngayon, nalaman natin na sa Inglatera ay may mga taong gumaya-gaya sa pagpapapako sa krus, di pa naglalaon, ang mga mahahabang — mga kabataang mahahaba ang buhok at nagsisisigaw — tinatawag si Jesus na "daddy-o" at lahat ng mga bagay na iyon. Napakarumi . . .

Ngayon sasabihin ninyo, "Sa London iyon, sa Inglatera." Nguni't ano ang nasa pahayagan dito sa America noong isang linggo. Isang doctor of divinity mula sa isang mahusay na paaralan ang nagpahayag na ang pagkapako umano sa krus ay huwad, na si Jesus ay nagpanggap lamang, na Siya'y uminom ng katas ng damong mandragoras at . . . Matatagpuan natin ito sa Genesis, kung saan ito nakasaad. Isang uri iyon ng damo tulad ng marijuana. Matatagpuan iyon sa silangan. At kung iinumin mo ito, makakatulog ka, marahil sa iyong - magmimistula kang patay, mawawalan ng malay sa loob ng dalawa O tatlong araw.

26 Ang sabi niya, nang bigyan daw si Jesus ng suka at apdo, maaaring iyon daw ay damong mandragoras. At nang ipainom nila ito, ibinigay nila ito sa Kaniya; at nawalan Siya ng malay at parang namatay. Inilagay nila Siya sa libingan at ihinimlay Siya roon. At makaraan ang dalawa O tatlong araw, siyempre, nagising Siya at umigi na. Sinasabi niyang si Jesus daw ay nagtungo sa India at doo'y namatay ng karaniwang kamatayan. Nais lang daw manghuwad ng relihiyon. Unang una, ang kritikong iyon . . . Ano na nga ba ang nangyayari sa mga tao? Kita n 'yo? Likas ito sa panahong kinabibilangan natin, mga man lilibak (Kita n'yo?) ang panahong tutupad sa hula.

27 Naglaan ang Diyos ng Salita Niya sa bawat panahon. At kailangang ipamalas ito ng bawat panahong naturan. At siya'y nagtalaga na rin ng mga tao para sa bawat panahon upang tumupad sa Salitang iyon. Sa tuwing Siya'y maglalaan ng Kaniyang Salita, nagtatalaga Siya ng isang tao para rito. Nang ilaan Niya ang panahon ni Moises, inilaan Niya si Moises dito. Nang maglaan Siya ng panahon upang isilang ang Anak ng Diyos, inilaan Niya Siya para rito. Sa bawat panahon ay mayroon siyang inilalaang mga lalaki, mga lalaking nakatalaga. Tulad ng sinabi ng Biblia, walang anuman . . . Kung ang Diyos ay walang hanggan, kataas-taasan, pinakamakapangyarihan sa lahat, nasa lahat ng dako, nakaaalam ng lahat ng bagay, aba, nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay mula sa pasimula. Kaya't alam Niya. . . walang bagay na hindi naaasikaso; tayo lang ang nag-iisip na ang . . . ! . . . ang lahat ay nagaganap ayon sa . . . 48 Balikan ang Kaniyang Salita at masdan kung ano ang Kaniyang ginagawa at mauunawaan natin ito.

28 Ngayon, isipin lang ninyo. Unang-una, kung inisip lamang ng ministrong iyon, nang painumin nila si Jesus ng suka at apdo ay iniluwa Niya iyon. Hindi Niya iyon ininom. Kita n'yo? Ang mga ito'y dili't iba kundi mga manlilibak na naglilitawan. Isa pa, paanong nagawa ni Jesus na taga Nazareth, paanong nangyari na ang buhay Niya ay umakma sa bawat hula sa Lumang Tipan? Paanong nangyari iyon? Hindi iyon maaaring mangyari kung hindi iyon itinakda ng Diyos. Ang buhay Niya ay umakma sa bawat hula sa Lumang Tipan. Isa pa, kung hinuwad ng mga alagad ang Kaniyang pagkamatay, bakit bawat isa sa kanila'y namatay na martir? Maging ang apostol na si Pedro ay nagsabi, "Itiwarik n'yo ako; hindi ako karapat-dapat na mamatay nang katulad ng Kaniyang pagkamatay. Dinakip nila si Andres at ibiniting pahalang sa krus. Bawat isa sa kanila'y nagbubo ng dugo upang tatakan ang kanilang patotoo. Sinampalatayanan nila Siya, inibig Siya, at inalay ang buhay nila para sa Kaniya. Kung isa Siyang mandaraya, paano n ilang nagawa ang gayon? Kita n 'yo, ang espirituwal na pananaw, hindi ito makuha ng mga tao.

29 May isang dakilang lalaki rito kamakailan lang, isang mahusay na Rabi, ang sumulat na nang si Moises daw ay tumawid sa Pulang Dagat, ang sabi niya, "Hindi naman talaga tubig 'yon; hindi naman totoong nahati ang tubig." At ang sabi, "Ang nangyari, sa kabilang dulo ng Dagat na Pula ay may mga halamang-dagat, at siya ay yumapak sa tubig — sa mga damo, sa mga damong nasa dagat. Wala namang tubig doon, kundi mga halamang dagat lang, isang karagatan daw iyon na puno ng - mga damong dagat daw ang kanilang dinaanan." At maraming mga mangangaral ang naniniwala rito; sila'y - tinatanggap nila ito. 51 Kailan lamang dito, nang ang unang astronot na ito'y pumalawak, nagbalik siya at ang sabi'y wala raw siyang nakitang Diyos doon. May mga ministrong nabago ang paniwala dahil dito. Inakala nilang ang Diyos ay nakatahan doon sa kaitaasan, mga isang daan at limampung milya ang taas.

30 Aba, naku, paano . . . Naging isang bungkos na ng tuyong damo ang iglesia gawa ng edukasyon at karunungan ng mundong ito.

Ang edukasyon, at ang sistema ng edukasyon, ang agham; at ang kabihasnan ay sa diablo. Ito ay kabihasnan ng diablo. Sinabi ito ng Biblia. At ang kabihasnan nating darating ay ibang-iba kaysa sa kasalukuyang kabihasnang ito. Ibang-iba ito. Magiging isa itong naiibang kabihasnan. Dito sa kabihasnang ito at sa siyentipikong sanlibutang ito ay may . . . Habang ang agham ay - nagiging maka-agham tayo, lalo tayong pumapalaot sa kamatayan, at sa mga bagay-bagay, mga bitag na pamatay, at lahat na. Sa bagong kabihasnang iyon ay hindi magkakaroon ng kamatayan, walang mga karamdaman, walang hapis, O sakit man. Kita n 'yo? Walang ganito roon. Kaya nga't kailangang wasakin ang kabihasnang ito, sapagka't ito'y sa diablo.

31 Mababasa natin sa Genesis 4 na ang lipi ni Cain ang nagpasimula ng kabihasnan, nagsipagtatag sila ng mga bayan, at mga lungsod, at iba pa, at mga instrumento ng musika at nagpakadalubhasa sa agham. At lalong napalayo ang mga tao sa Diyos, bagama't mga relihiyoso sila. Nguni't nang lumitaw ang lipi ni Seth, nagpasimuia silang dumating - tumawag sa pangalan ng Panginoon. Ah, kung .ang pag-uusapan ay ang . . . ! . . .

Hindi ako tumayo rito upang saktan ang damdamin ng sino man O magsalita ng tungkol sa anumang iglesia. At kung kayo'y naririto at kabilang kayo sa iglesiang iyon, hindi ko ito sinasalita upang saktan ang inyong damdamin, sapagkat maraming mabuting tao roon tulad din nanlan sa ibang mga iglesia. Datapuwa't nabasa ko noong ako'y nasa Shreveport noong isang linggo na ang simbahang Catolico ay gumawa ng isang pahayag. At nakikita nating lahat sila ngayon ay nagkakaisa na sa dakilang konsehong ekumeniko at iba pa, malinaw na kaganapan ng hula ng Biblia tungkol sa kanila. Tugmangtugma . . .

32 Ngayon, natuklasan nating sinabi nila, "Aba, ang Biblia, ang - may mga Protestanteng gano'n na lang ang panghahawakan sa Biblia. Aba," ang sabi, "ang Biblia ay isang Aklat lamang, isang paglalahad ng kasaysayan ng iglesia, at ni hindi nga naibilang ito sa panitikan hanggang nung dalawandaan at limampung taon pa lamang ang lumilipas. Ang iglesia ang dapat gawing batayan." Ang sabi, "Ang iglesia, at hindi ang Biblia, at ang Biblia ay walang anuman kundi isa lamang kasaysayan ng kung ano ang ginawa ng iglesia. Anong laking kasinungalingan nito. Tatlong libong taon nang binabasa ang Bibliang ito. Ang Lumang Tipan ay naisulat na daandaang taon na bago pa dumating si Cristo, Ito'y isa lamang tusong pandaraya ng diablo.

33 At makikita natin sa araw na ito ang nagaganap na panlilibak at pangungutya sa Biblia at ang pagsisikap na isantabi Ito . .. Kailangang may pagbatayan ang Diyos sa Kaniyang paghatol sa iglesia. Hindi Siya magiging makatarungan . . . Hindi nila ako maaaring dakpin at akusahang tatlumpung milya bawat oras ang takbo ko sa isang sonang dalawampungmilya lamang ang pinahihintulutan, kung walang anumang tanda roon na nagsasabing hindi ako dapat humigit sa dalawampung milya. Dapat ay mayroon no'n. At huhukuman ng Diyos ang iglesia - hahatulan Niya ang tao balang araw. Alam natin iyan. May paghuhukom na magaganap. Kaya't kung hahatulan Niya Ito sa pamamagitan ng Simbahang Catolico, alin kayang Simbahang Catolico? At kung hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Metodista, mapapahamak ang mga Baptist. Kung ang gagawin Niyang batayan ayang oneness, ang mga twoness ay mapapahamak. Kita n'yo? Ano ang pagbabatayan ng Diyos kung gayon? Sinabi Niyang hahatulan Niya ito sa pamamagitan ni Cristo, at si Cristo ang Salita. Kaya't ang Salita ng Diyos ang gagawin Niyang batayan

ng paghatol. “Sa pasimula ay ang Salita. at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang tao at tumahan sa kalagitnaan ootin . . . Siya'ng kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Kita n'yo? Kaya't hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Kaniyang Salita.

At ngayon, makikita natin na sa araw na ito ay nais nilang ipuwera ang Biblia at ang nais tanggapin ay ang iglesia . . . ang Biblia, ayaw nila Ditong iglesia - nang sa gayo'y makapagpalabas sila ng anumang uri ng kredo o ano pa man upang siya nilang sundin.

34 Aba, tulad ng ipinangaral ko nung isang gabi sa Shreveport tungkol sa mga pana — ang komunyon, nang paslangin nila ang haing kordero, hindi dapat makasumpong ng lebadura sa kanila sa loob ng kabuuan ng pitong araw. Walang lebadura, walang tinapay na may lebadura. Lahat ay dapat walang lebadura. Iyon ang kumatawan sa Pitong Kapanahunan ng Iglesia na natunghayan natin sa aklat na ito. At kinakailangang ~alang lebadura kapag ito'y - nahaluan ng ibang bagay. At hinalo na natin ang mga kredo, at denominasyon, at lahat na sa Salita at tinatawag pa rin natin itong Ang Salita. Wala dapat masumpungang lebadura sa loob ng pitong araw.

35 At kung ano man ang inyong kakainin para sa araw na ito, huwag na ninyo itong itabi hanggang kinabukasan, sunugin ito sa apoy bago sumikat ang araw sapagka't may bagong mensaheng darating at may bagong bagay.

Kita n'yo, pinipilit itong itira. At ganiyan ang inuugali ng iglesia. Sisibol ang isang bagong kasiglahan, at bago mo pa mamalayan, sa loob lamang ng tatlong taon ay magsisjmula na sila ng isang organisasyon batay dito. Ang denominasyon ay nagpapasimula ng isang organisasyon. Nguni't napansin ba ninyo, dalawampung taon na ang kilusang ito ay wala pa ring naitatatag na organisasyon dito. At hinding hindi mangyayari ito! Ito na ang dulo. Ang trigo ay nagbalik na sa dati nitong anyo. Ang trigo ay nagbalik na sa pagiging butil. Humulagpos na ang ipa rito. At ang trigo ay kailangang mabilad sa init ng araw upang mahinog.

36 Hindi ba kakatwa ang naganap hindi pa naglalaon sa Silangang Dalampasigan, ang pagdidilim ng langit! Hindi nila maunawaan iyon. Nagdilim sa Texas noong nakaraanglinggo. Hindi nito maunawaan kung ano iyon. Hindi ba ninyo nauunawaan na ito'y isang palatandaan? Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga bansa ay nangawawasak na? Nasa sariling lupain na ang Israel, at ang mga tandang ito ainagpapakitang nasa dulo na tayo! Sa panahong nagdidilim ang paligid, hindi ba ninyo alam na iyan ang tandang tjnukoy ng propeta nang sabihin niya — “Nguni't magkakaroon ng liwanag pagsapit ng gabi,” na may sisilay na Liwanag sa gabi -habang nagaganap ang mga pagdidilim at ang bagay-bagay gaya ng nagaganap ngayon.

37 Masdan tang ninyo kung paano naganap ang pagdidilim.

Kagagaling pa lang ng Papa rito. Natatandaan ba ninyo ang naganap sa tabemakulo nang - nasa inyo ang mga teyp — palagay ko nama'y kumukuha kayong lahat nito — kung paano ipinakita ng Panginoon nang araw na iyon sa tabemakulo kung saan at papaano ang magiging kaayusan ng mga kapanahunan ng Iglesia. At ito'y iginuhit ko roon sa pisara, yaong mga kapanahunan ng iglesia, na nakikita ninyong nakaguhit sa aklat. At kung hindi bumaba ang Banal na Espiritu sa anyo ng isang malaking haliging apoy at nagbalik sa dingding na iyon at iginuhit Niya mismo ang mga iyon habang may tatlo O apat-na-raang katao ang nakaupo roon at nagmamasid. At nang dumating ang papa rito, biglang nagdilim ang buwan, at kinunan nila ito ng mga litrato at katulad iyon ng nakaguhit dito sa entablado. Ngayon, nagpunta siya rito nang petsa 13, lumakad ng 13 hakbang. Nagbigay ng komunyon sa 13 katao, sa isang bansa na ang bilang ay 13, at 'pagdaka'y nagkaroon ng pagdidilim sa bawat dako. Hindi ba ninyo nakikita kung nasaan na tayo? Nasa huling panahon na tayo. 62 “May mga manunuya na magsisilitaw sa mga huling araw na magsasabing, 'Wala namang kaibahan ang panahon ngayon sa panahon noon, nang mangatulog ang ating mga magulang.'” Datapuwat kapag nakita ninyong nagaganap ang mga bagay na ito, tumingala na kayo;. magsipaghanda; may maaaring maganap anumang oras. Si Cristo ay darating para sa Kaniyang Iglesia.

38 Ngayon, hindi nila ito pinaniniwalaan dahil ito'y isang . . . Ito'y isang. . . Sila'y - Hindi nila napapagtanto na sila mismo ang tumutupad ng mga Kasulatan. Tunay na hindi nila nauunawaan na tinutupad nila ang Kasulatan sa pamamagitan ng mga bagay na ginagawa at sinasabi nila. Walang kaalamalam si Caifas, ang punong saserdote, at lahat ng mga saserdoteng lumibak at kumutya sa Kaniya noong araw na iyon. Hindi alam na ang mismong Diyos na tinutukoy nila pag inaawit nila ang, “Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan (Mga Awit 22), ang Aking mga kamay at paa, ay kanilang tinulos . ..” Inaawit nila iyon sa templo habang Siya'y naghihingalo doon sa krus, hindi nila alam na sila pala ang gumagawa noon. Si Jesus man ay nanalangin, “Ama, patawarin Mo sila. Hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.” Sapagkat ang totoo ay naihula na sa Kasulatan na sila ay mabubulag.

39 Alam ba ninyo na ang Protestante at ang Simbahang Catolico ay hinulaang magiging bulag sa mga huling araw, tulad ng nasasaad sa Kasulatan, inilarawan si Cristong nasa labas at nagsisikap na makapasok sa loob? “Sapagkat sinasabi mo, ako'y mayaman at nagkamit ng kayamanan at hindi ako nangangailangan ng anuman, at hindi mo nalalamang ikaw ay aba at maralita at dukha at bulag at

hubad." Apocalipsis 3. Hayun at balik na naman kayong muli sa pagkabulag, niyayapakan ang mga bagay na nauukol sa Diyos na tila baga walang kabuluhan ang mga ito sa kanila, kinukutya at pinagtatawanan ito; iyan ang sinabi ng Biblia.

40 Nguni't para sa Iglesia, sa Nobya, ang pag-agaw ay isang kapahayagan para sa kaniya. Ipinahayag ito sa kaniya, na ang kapahayagan, ang tunay na Nobya ni Cristo ay maghihintay sa kapahayagang iyon ng pag-agaw.

Ngayon, ito ay isang kapahayagan, dahil ang kapahayagan ay pananampalataya. Hindi kayo maaaring magkaroon ng kapahayagan kung ito ay hindi pananampalataya. Ang pananampalataya ay isang kapahayagan 'pagkat ito'y isang bagay na ipinahayag sa iyo. Ang pananampalataya ay isang kapahayagan. Ang pananampalataya ay isang bagay na ipinahayag sa iyo. Tulad ng naganap kay Abraham, na nagawang tumawag ng anumang bagay na tali was sa ipinahayag sa kaniya na tila ito ay hindi gayon. Ngayon ang pananampalataya . . . Iyan ang pananampalataya, ang kapahayagan ng Diyos. Ang Iglesia ay itinatag sa ibabaw ng isang kapahayagan, ang kabuuan ng katawan.

41 IIang linggo lamang ang nakakaraan dito ay may kausap akong isang ministrong Baptist. Naparito siya upang makipagtalakayan sa akin. Ang sabi niya, "Gusto kita bilang isang tao nguni't," ang sabi niya, "nalilito ka."Ang sabi ko, "Kung gayon ay ipinamamanhik ko sa 'yo na tulungan mo akong maliwanagan . . ." Ngayon ang sabi niya . . . "sa pamamagitan ng Kasulatan." Ang sabi niya, "Hindi natin maaaring pagkasunduin ang mga bagay na ito, Brother Branham, hangga't hindi natin naihahambing ang bawat salita, salita sa salita ayon sa pagkakasulat nito sa Griego at iba pa."

Ang sabi ko, "O, ginoo, alam mong hindi maaari iyan." Ang sabi ko, "Maging sa Konseho sa Nicaea, noon pa man, mga tatlong daang taon ang lumipas nang mamatay si Cristo, hanggang ngayon, ay nagtatalo pa rin sila kung sino sa mga iskolar sa wikang Griego ang tama. Hindi mo maaaring. . . Ito'y isang kapahayagan. Ang lahat ng ito ay . . ." Ang sabi niya, "Hindi ko matatanggap ang kapahayagan." Ang sabi ko, "Kung gayon ay paano mong matatanggap si Cristo?" Ang sabi niya, "Aba, di ba't sinabi ng Biblia, 'Ang sinumang sumampalataya kay Jesus Cristo ay may Buhay na Walang Hanggan.'"

Ang sabi ko, "Totoo 'yan. Sinasabi rin Nito na walang sino man ang maaaring tumawag kay Jesus na Cristo kundi sa pamamagitan lamang ng pagpapahayag ng Banal na Espiritu na nagpahayag nito sa kaniya." Kita n'yo? At hayan na, doon din ang balik, doon din ang tungo sa kapahayagan. Kailangan itong maipahayag.

42 Sa Biblia . .. Si Cain at si Abel ay walang Bibliang binabasa, nguni't ito ay naipahayag kay Abel sa pamamagitan ng pananampalataya, na isang kapahayagan. Higit na mainam ang haing inialay ni Abel sa Diyos kaysa kay Cain, at pinatunayan ng Diyos na siya ay matuwid. Nang tan un gin si Jesus sa Mateo 16: 17 at 18 . . . Wala tayong oras para basahin ito, nguni't kung nais ninyong isulat ito. Ang sabi Niya, "Ano baga ang sabi ng mga tao tungkol sa Akin, na Anak ng tao?" Isa sa kanila ang nagsabi, "Ikaw daw si Moises, si Elias, O kung sino." Ang sabi Niya, "Datapuwat ano ba ang masasabi ninyo kung sino Ako?"

Ang sabi niya, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na Buhay."

Ang sabi Niya, "Mapa lad ka, Simon, anak ni Jonas, sapagkat hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo; ang Aking Ama na nasa Langit ang nagpahayag nito sa iyo. Sa ibabaw ng batong ito (ang ispirituwal na kapahayagan kung sino ang Diyos, kung sino si Jesus, at Siya ang kapahayagan ng Diyos, Diyos na nagkatawang tao at nahayag sa sanlibutan. Siya ay naparito sasanlibutan; ang Diyos ay na kay Cristo upang ipagkasundo ang sanlibutan sa Kaniyang Sarili, ipinakita kung ano ang Diyos sa isang katawang laman). . ." " Ikaw ang Cristo, yaong Pinahiran; ang Anak ng Diyos."

Ang sabi Niya, "Hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo kundi ang Aking Amang nasa Langit ang Siyang nagpahayag nito sa iyo. Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia (ang kapahayagan ng Salita sa kapanahunan Nito) — Itatayo Ko ang Aking Iglesia at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban dito."

43 Ang aklat ng Apocalipsis ay ang huling Aklat sa Biblia. Ito'y nakapinid sa mga hindi mananampalataya. Dito'y isinaad ng Biblia sa ika-22 kabanata, "Kung sino man ang magbawas ng isang salita mula rito O magdagdag ng isang salita rito ay aalisin Ko ang kaniyang bahagi sa aklat ng buhay." Kung gayon ay napapagtanto natin na ipinagkaloob lamang ito sa mga mananampalataya. At binubuksan nito ang Aklat ng Apocalipsis at ipinahahayag kung sino ang May-akda ng kabuuan ng Aklat na ito (Siya ang tinaguriang Alpa at Omega, mula sa Genesis hanggang Apocalipsis, si — Jesus Cristo na hindi nagbabago mula pa noon) at ipinapahayag ang kabuuan ng Kaniyang hiwaga at ang Kaniyang mga pIano para sa Kaniyang mga kapanahunan ng iglesiang darating, at natatakan doon ng Pitong Tatak.

44 Ngayon, ang Aklat ay naisulat na, nguni't tandaan ninyo, ito ay naipinid at natatakan ng Pitong Tatak. At ang Pitong Tatak na ito ayhindi dapat mabuksan, Apocalipsis 1O, hanggang sa umiihip ang huling makalupang anghel, Apocalipsis 1O:7. Kita n'yo? . "Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel

pagka nagsimula na siyang humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Diyos ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na mga propeta." At iyan ang panahong kinabibilangan natin.

Alam nating lahat na tayo'y nabubuhay sa panahon ng Laodicea. Hindi na ito masusundan pa ng ibang panahon; hindi na maaari. Kaya't tayo'y nabubuhay sa panahan ng Laodicea, at ang Pitong Tatak na ito na siyang humahawak sa Aklat na ito ay isang hiwaga sa mga tao, at mabubuksan sa araw na iyon. lyan ang ipinangako Niya. Ngayon, hindi ito maaaring lumabas sa Salita, sapagkat hindi ka maaaring magdagdag O magbawas sa Salita. Kailangang manatili ito bilang Ang Salita sa tuwina. Datapuwat ang kapahayagan ay ang paglalantad ng Katotohanan N ito, kung ano Ito, upang Ito'y maitugma sa lahat ng iba pang Kasulatan. At kung magkagayon ay pinatutunayan ito ng Diyos bilang Katotohanan.

45 Kita n 'yo, hindi nangangailangan ang Diyos ng tagapagpaliwanag.siya ang tagapagpaliwanag ng Kaniyang Sari]i. Siya ang gumagawa ng Sariling pagpapaliwanag sa pamamagitan ng pagtupad sa mga bagay na sinabi Niyang magaganap. Tulad ng sa pasimula ay sinabi Niya, "Magkaroon ng Liwanag!" at nagkaroon ng liwanag. Hindi na nangangailangan iyon ng anumang interpretasyon. Nabindika iyon. 78 Ngayon, mayroon Siyang mga bagay na ipinangako para sa huling araw sa Kasulatan. Aba, naroon na nga. Kaya't gayon naging Anak ng Diyos si Jesus. Ipinangako Niyang isusugo Niya si Jesus. Nang nabubuhay pa Siya rito sa lupa at hindi Siya mapaniwalaan ng mga tao, ganito ang sinabi Niya, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga ito ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan; at ang mga ito ang siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag ninyo Akong sampalatayanan. Nguni't kung hindi kayo makapanampalataya sa Akin, sumampalataya kayo sa Aking mga gawa; dahil sila ang nagpapatotoo kung sino Ako."

46 Kung gayon, sa panahon ni Wesley, ang mga gawa niya ang nagpatotoo kung sino siya. Sa panahon ni Luther noong repormasyon, aba, tunay na iyon ang nagpatotoo kung sino siya. Sa mga araw ng Pentecostal, nang maisauli ang mga kaloob, ang panahon ng pagsasauli ng mga kaloob, ang pagsasalita ng iba't-ibang wika, at pagpapalayas ng mga demonyo, at ang ng ib~ pang mga kaloob, aba'y ang mga iyon ang nagpatotoo. Hindi biro ang mga Iyon.

Ang sabi ng mga tao nang una itong lumitaw . . . Nabasa ko ang mga aklat tungkol sa kasaysayan ng Pentecostal. Ang sabi nila, "Hindi ito tatagal; mamamatay kaagad ang ningas nito." Nagniningas pa rin ito hanggang ngayon. Bakit? Sapagka't hindi ninyo ito maaaring patayin. Sinabi ng Diyos na ito'y magaganap. Ito yaong bahagi ng Salita, at hindi n'yo ito maaaring patayin . . . At kapag ang Nobya ay tinatawag nang palabas, paano n'yo itong papatayin? Ito ang kapahayagan ng pagpapamalas ng Salitang pinatototohanan. At tayo'y nabubuhay na sa araw na iyon. Papuri sa Diyos! Ang paghahayag ng hiwaga ng Kaniyang Sarili.

47 Ngayon, ang pag-agaw na pinag-uusapan natin ay para lamang sa Nobya. Tandaan ninyo, ang sabi ng Biblia, "Ang mga iba sa mga patay ay hindi: nangabuhay hanggang sa maganap ang isang Iibong taon." Ang dakilang pag-agaw na ito . . . Kung walang pag-agaw, mga kaibigan, nasaan na kaya tayo? Ano ang gagawin natin? Anong panahon ang kinabubuhayan natin? Ano'ng pangako ang hinihintay natin? May magaganap na pag-agaw. Ang Biblia ang nagsasabing magaganap ito; at ito'y para lamang sa mga Hinirang, ang Babaeng hirang, ang Nobya na sa araw na ito'y nailabas na, ang Iglesia.

Ang mismong salitang iglesia ay nangangahulugang ''tinawag palabas."At kung paanong si Moises ay tumawag ng isang bayan palabas ng isang bayan, ang Banal na Espiritu ay tumatawag din naman ng isang Nobya palabas sa isang iglesia, isang Iglesiang lalabas mula sa isang iglesia, mga kasaping nagbuhat sa bawat denominasyon na siyang bumubuo ng isang Nobya, isang Punong-Nobya, naka - naka-teyp 'yon, ang Punong Nobya [AklatngSpoken Word, Bol. 3, Big. 15 -Ed.] IsangNobyaangtatawaging palabas . . . at siya iyon, na ang Punong-Nobya - ang Nobya pala ang siyang aagawin, Siya lamang, wala nang iba kundi ang Nobya lamang, yaong hinirang na kilala na ng Diyos mula pa sa pasimula, ang espirituwal na binhi ng Ama. Hayaan n'yong tumigil ako rito sandali, ito . . . kinakabahan ako kapag naiisip kong baka masyado - masyado kayong matagalan.

48 Nguni't pans in in; masdan! Ang bawat isa sa inyo, alam n'yo ba na bago pa kayo isilang ay naroon na kayo sa inyong ama bilang binhi? Tama 'yan! Isang munting binhi ang nasa inyong ama, nagmumula sa lalaki, hindi sa babae. Kita n 'yo? Ang babae ang nagbibigay ng itlog, isang lupang punlaan, nguni't ang binhi ay nagmumula sa. . .

Ngayon, halimbawa ay ang aking ama O ang aking anak na nakaupo rito. Nang ako'y labing-anim na taong gulang pa lamang, ay nasa akin na ang anak ko. Hindi ko pa siya kilala, datapuwa't naroroon na Siya. Ngayon, sa pamamagitan ng isang lupang punlaan, sa pamamagitan ng banal na kasal, siya'y lumabas na kawangis ko. Kilala ko na siya. Maaari ko na siyang makasama. At dumating siya kung kailan siya nakatakdang dumating.

49 Ngayon, ikaw rin naman ay nasa . . . Kung ikaw ay may Buhay na Walang hanggan, ikaw ay - nasa

Diyos ka na bago pa man magkaroon ng mundo. Ikaw ay isang bahagi, isang anak ng Diyos. Isang katangian ng Diyos. Alam Niya ang takdang panahon kung kailan ka darating. Itinalaga Ka N iya sa panahong iyon upang punan ang dakong iyon, at walang sinuman ang maaaring kumuha niyon . . . kahit pa gaano karaming pagpapanggap at kung ana pa mang bagay ang magsilitaw, kailangang maparoon ka, dahil alam Niyang ikaw ay maparoroon. Ngayon, Ika'y naipamalas na; ngayon, ay maaari ka nang makisama sa Kaniya at iyon ang nais Niya. Nagnana sa Siya ng pakikisama, ng pagsamba. Ngunit sa - kung ang buhay mo ay hindi katangian ng Diyos, ikaw ay isa lamang pagpapanggap ng Cristianismo. Kita n 'yo? Bilyun-bilyong sa kanila ang magiging pagpapangggap lamang ng Cristianismo.

50 May binitiwan akong pangungusap kamakailan lang. Pinagmamasdan ko si Brother Demos Shakarian habang sila ay - nang nagpapalahi sila ng baka, pinagmasdan ko ang mga test tube at ang iba pang mga bagay na naroroon na ipinapasok ng mga duktor at matama akong nagmasid.

Sa katas na inilalabas ng lalakjng baka ay mayroong mga isang milyong binhi ang nailalabas ng lalakl sa bawat pagkataon. At mayroong mga isang milyong itlog ang nagmumula sa babae sa isang pagkakataon. Nguni't alam ba ninyong sa dami ng mga mumunting binhing iyon na nagsisigalaw, isa lamang sa kanila ang nakatakdang mabuhay, at iisang itlog lamang ang malusog? At ang munting binhing iyon ay uusad, uungusan ang iba pang mumunting binhi, lalampasan ang bawat binhing katulad niya, at lalampasan iyon at pupunta rito at. at masusumpungan ang isang malusog na itlog at gagapang siyangpapasok dito. At ang lahat ng iba sa kanila ay mangamamatay. Aba, pag ang pinag-usapan ay ang pagluluwal ng isang birhen, aba'y hindi nga mangangalahati ito sa - sa hiwaga ng pisikal na pagsilang, kung paano itong itinakda, itinalaga ng Diyos. 88 Ngayon, sa pasimula, nuun-nuon pa, maraming taon na ang lumipas, bago pa man magsimula ang panahon, ikaw, kung ikaw ;:;a gabing ito ay isang Cristianong isinilang na muli, noon pa man ay nasa sinapupunan ka na ng Diyos, na siyang iyong Ama. Kaya't nang maparito ka sa buhay na ito at magpahayag ng paniniwala sa Cristianismo, lahat ng bagay ay namamali, nagtataka ka kung bakit ganoon, iniisip mo kung bakit ganito ang nagaganap. Nagtataka ka kung bakit ganoon. Nguni't isang araw ay bigla na lamang may humagip sa iyong kung ano. Ano iyon? Iyon ang buhay na naroroon na mula pa sa pasimula.

51 Tulad ng kuwento ko tungkol sa isang inang agilang nakasumpong ng - natagpuan ng ina ang kaniyang inakay. Narinig n 'yo na akong nangaral tungkol diyan, kung paanong namisa ang munting agila sa pugad ng inahing manok na naglilimlim. Ngunit siya ay . . . Ang paraan niya ng pagpapakain sa kanila - ang mga manok na iyon, hindi iyon masikmura ng munting agila sapagkat hindi naman talaga siya man ok, gayunma'y kasama niya sa kulungan ang mga sisiw at wala siyang magawa kundi sundan ang mga ito. Nguni't ang inahin ay nagkakahig sa kamaligan at hindi ito matiis ng munting agila. Subali't sa tuwing puputak ang inahin, ay nagsisilapit ang mga mumunting manok, kaya't sunud-sunuran na lang siya.

Ngunit isang araw ay natiyak ng inang agila na dalawa ang iniluwal niyang itlog at hindi isa. Alam niyang mayroon pang isa at maaaring napadpad lang siya kung saan. Hinanap niya ito. Lumipad siya at agpaikutikot hanggang sa marating niya ang kamaligan at natagpuan niya ang kaniyang inakay. At humiyaw siya upang tawagin ito. Iyon ay isang tinig na napagtanto niyang tugma sa kaniyang pandinig. Iyon ang matagal na niyang hinahanap. Kita n 'yo? At noon niya naunawaan na hindi pala siya manok; isa pala siyang agila. Ganiyan din ang nangyayari sa bawat isinilang na muling Cristiano. Kapag ikaw ay dumulog, wala akong pakialam kung ilang denominasyon na ang iyong sinalihan O kung ilang ulit mo nang isinulat ang iyong pangalan sa mga aklat, at kung anong iba pang bagay ang ginawa mo, kapag ang tunay na Sal ito ng Diyos ay nabindika at naging totoo sa iyo, tulad no'n, kaagad mong mapapag-uunawa na ikaw pala'y isang agila. Sapagkat ang pagputak ng inahin, sumali ka rito, at sumali ka rito, at magtungo ka rito at magtungo ka roon, wala itong kabuluhan. Ang kailangan mo'y ang tunay na pagdaragdag ng Salita sa Salita.

52 Kapag ang isang binhi ay naparoon sa sinapupunan ng isang - ng isang babae, hindi ito nagpapalit ng . . . Hi — hindi ka naging isang binhi ng tao mula sa iyong ama, at pagkatapos ay magiging binhi ka naman na nagmula sa isang aso, at pagkatapos ay mula naman sa pusa, at sa susunod naman ay mula sa manok; lahat ay binhi ng tao. At ang Katawan ni Jesus Cristo, ang Nobya, ay magiging bahagi ng Kaniyang Katawan ria magiging . . . Siya ang Salita at ang Nobya ay kailangan ding maging Salita, Salitang idinagdag sa Salita, na idinagdag sa Salita. Ang Pag-aaring ganap ni Luther, angPagpapakabana1 ni Wesley, ang Bautismo ng Espiritu Santo ng mga Pentecostal, ang pagsasauli ng mga kaloob, at lahat ng bagay na' kasama nito. Dapat itong maging Salitang naipatong sa Salita, binhi sa ibabaw ng binhi, upang maipalabas ang Buong sukat ng Nobya ng Panginoong Jesus Cristo.

Ngayon ay alalahanin mo, ikaw ay isang katangian.

53 At ang nangyari, nang malaman natin ang mga bagay na ito, na si Cristo ay darating upang kunin ang Kaniyang Nobya, ngayon paano ka ba makakabilang ng Nobyang ito? Iyan ngayon ang tanong. Marami ang nagsasabing, “Sumali kayo sa aming kongregasyon.” Mayroon diyang nagsasabing kailangan ng isang uri ng pagbabautismo. Mayroong nagsasabing kailangang gawin mo ang ganito't ganoon; may nagsasabing kailangang magsalita ka ng iba't-ibang wika dahil kung hindi'y wala raw sa 'yo ang Espiritu;

ang sabi naman ng isa ay hindi na raw kailangang magsalita ng ibang wika. Ang sabi naman ng isa, kailangang sumayaw ka raw sa Esipiritu. Ang sabi naman nire ay kailangang sumigaw ka. Ito namang isa ay may kung anong sensasyon. Walang masama rito, ngunit hindi pa rin ito tama. Paanong magagawa ng isang lalaki na - O ng isang babae, O ng isang anak ng Diyos na isinilang ng Espiritu ng Diyos na tanggihan ang Salita ng Diyos, samantalang ang Diyos mismo ang nagpaliwanag nito at nagsabing, "Ito na nga iyon. Ipinangako Ko ito; naririto na ito," ipinapakita ito nang malinaw na malinaw. Aba, nakatakda silang makaunawa nito. Kita n'yo? Paanong magagawa ni Cristong itakwil ang Sarili Niyang Salita? Kung si Cristo ay nasa iyo, hindi Niya maaaring itakwil ang Sarili Niyang Salita

54 Kung gayon ay paano tayong mapapabilang sa Katawang ito? "Sapagkat sa isang Espiritu ay nabautismuhan tayong lahat sa iisangKatawan," sa pamamagitan ng isang bautismo ng Espiritu Santo. At iyan . . . Kung nais ninyong isulat, iyan ay nasa I Corinto 12: 13: "Sapagkat sa isang Espiritu ay nabautismuhan tayo . . ." At ang Espiritu ay ang buhay ni Cristo (tama ba 'yan?), ang buhay ni Cristo. At ang buhay ng anumang binhi - at Siya ang Salitang Binhi - ang nagbibigay-buhay sa nasabing binhi. Nakuha ba ninyo? Kung ang buhay na iyon ay nakahimlay sa binhing iyon at ang bautismo ng Espiritu Santo ay bubuhos doon, walang pagsalang mabubuhay ang binhing iyon

55 Tulad ng sinabi ko sa inyo sa Phoenix, hindi pa katagalan ay kausap ko si Brother John Sharriat. Naroroon ako, at ipinakita niya sa akin ang isang puno, isang punong sitrus. Siya'y - Marami siyang tanim na punong sitrus. At may ipinakita siyang isang puno sa akin na marahil ay may walo O siyam na iba't-ibang uri ng bunga. At ang sabi ko, "Brother Sharriat, ano bang uri ng puno iyan?" Ang sabi niya, "Puno ng oreyns." Ang sabi ko, "Bakit may bunga itong limon, tangerine, at tangelo, at suha? " Ang sabi niya, "Lahat ng iyan ay mga bungang sitrus; lahat ng iyan ay pawang mga hinugpong." "Ah," ang sabi ko, "alam ko na. Siguro sa isang taon ay mamumunga naman ito ng mga oreyns." 95 "Ah, hindi, bawat puno ay mamumunga ng kauri nitong - bawat sanga ay mamumunga ng sarili nitong prutas."

56 Marami sa inyong mga nagtatanim ng prutas ang nakababatid nito rito sa lambak sitrusang ito; mamumunga ito ng kauri nito.

Kapag ihinugpong mo ang isang sanga ng limon sa isang punong oreyns, magbubunga ito ng limon dahil ganoon talaga ang kalikasan ng bungang sitrus. Ngunit hindi ito makapamumunga ng orihinal na bunga. At ganiyan ang ginawa natin. Tayo'y naghugpong, tumanggap ng mga kredo at iba pa, at ang mga ito'y ihinugpong dito. Paanong makapamumunga ng iba ang Metodista maliban sa isang sup ling na Metodista rin? Paanong makapamumunga ang alin mang denominasyon ng anuman maliban sa isang anak na makadenominasyon din?

Nguni't kung ang punong iyon ay mag-uusbong ng orihinal nitong sanga, ito'y magbubunga ng mga oreyns. At kung may gagawin man ang Diyos sa Iglesia, ito'y magiging orihinal at muling magbabalik sa Salita nang akmang akma. Kailangang magkakaganito, 'pagkat ang buhay ay nasa puno, at mamumunga ito ng kauri nito.

57 Ngayon, nang matuklasan natin. . . Ngayon at ang malaking iglesiang iyon ay sumulong na sa mga kapanahunan namumunga ng bunga nito, at kapag tumigil na sa pamumunga ang sanga ay kinakailangang tinatagpas nila ito. Sa Juan 15 . . . Hindi ang punong-baging ang tinatagpas, ang inaalis Niya ay ang mga sanga, pinuputol ang mga ito, sapagkat hindi namumunga ang mga ito. At - at kami . . .

Nais ni Jesus ng bunga ng - para sa Kaniyang Sarili. Dapat magluwal ang Kaniyang asawa ng mga anak na kauri Niya. At kapag hindi sila nakapagluwal ng mga supling, mga anak ng Nobya, mga anak ng Salita, kung magkagayon ito'y isang maka-denominasyong anak. At ang una niyang pag-ibig sa sanlibutan at sa denominasyon, muli siyang nagbalik doon. At hindi sila makapamunga ng isang tunay, totoo, muling isinilang na Cristiano dahil wala naman talagang anumangbagay doong makapagpapausbong nito.

Katulad ng, kumuha ka ng sanga ng limon at ikabit mo ito rito; ito'y mamumunga ng limon at hindi ito maaaring mamunga ng oreyns, sapagka't wala naman talaga iyon doon sa pasimula pa lang. Ngunit kung ito'y itinakda ng Diyos mula pa sa simula at ang paunang kaalaman ng Diyos ang nagtalaga rito, at ito'y isinilang, dapat itong mamumunga ng oreyns; hiodi ito maaring mamunga ng iba pa.

58 Ganiyan ang Iglesia ng Diyos na Buhay. Pagdating ng takdang oras, lahat ay . . . Hayaan mong simulan ang Diyos ang anumang bagay, ang lahat ay kaniya-kaniyang kuha ng bola at kaagad nagkakaripasan ng takbo. Palaging ganiyan ang nangyayari. Binabasa ko ang kasaysayan oi Martin Luther kamakailan lamang. Ayon dito ay hindi mahirap paniwalaang matapos magprotesta ni Martin Luther laban sa Iglesia Catolica ay nakayanan niya iyon; ngunit ang nakapagtataka ay nakayanan ang lahat kung paano niyang ng panatisismong nagsisunod sa kaniyang bagong kasiglahan at nagawa niyang manatili sa kanyang pag-aaring ganap. Kita n'yo? Lahat na lang ang mga panggagaya at lahat na lang ay nahuhulog . . .

59 Tingnan ninyo si Gng. Semple McPherson, si Aimee Semple Me-Pherson, na nagtayo ng simbahang ito

rito. Bawat babaeng mangangaral ay nagsuot na rin ng mga damit na may pakpak at kung bitbitin ang Biblia nila ay kagaya na rin niya, mga — mga kamal na panggagaya. Hindi nila magawang maging orihinaI. Tulad din naman ng mga simbahan ngayon. Kapag may napasimulan ang alin mang simbahan sa isang lungsod, hindi mapapakali ang ibang simbahan hang-ga't hindi nila makuha iyon. Hindi na sila orihinaI. Ang Salita ng Diyos ay orihinaI. Ito ang Salita, at dapat ay mamunga ito ng kauri nito sa tamang panahon, hinirang, itinalaga ng Diyos Ama.

Ngayon, paano tayo mapapabilang sa Iglesia? Sa pamamagitan ng iisang Espiritu, lahat tayo'y nabautismuhan sa iisang Katawang ito, ang Katawan ni Cristo na siyang Nobya, ang Salita. Binautismuhan upang mapabilang dito, ng Banal na Espiritu.

60 Ngayon, pansinin natin kung tunay nga bang tayo'y nasa huling panahon na O wala pa. Makikita natin kung babalikan natin ang Genesis, marahil ay sa, oh, sa bandang ikalimang kabanata — maaari rin ninyong tingnan sa Lucas - at makikita ninyong si Enoc ang ika-pito mula kay Adan. Si Enoc . . . Dito makikita ang binhi ng ahas, sapagka't kung si Cain ay anak. ni Adan, disin sana'y ikawalo siya. Nakikita ba ninyo? Nguni't hindi binanggit saan man sa Biblia na si Cain ay anak ni Adan, 'pagkat sinasabi ng Biblia na siya'y doon sa masama. At hindi si Adan yaong masama. Kita n'yo? Siya ay anak niyaong masama.

61 Ngayon, makikita natin dito na si Enoc ang ika-pito mula kay Adan at ito'y katipo ng mga panahon ng iglesia. Ngayon, bawat isa sa anim na nauna sa kaniya ay pawang nangamatay datapuwat si Enoc ay buhay na inilipat ng Diyos, Si Enoc ay inagaw, ang ika-pito, pagpapatunay na dito sa Ika-pitong Kapanahunan ng Iglesia magaganap ang pag-agaw. Ngayon, walang alinlangan na tayo'y nasa Ika-pitong Kapanahunan na ng Iglesia. Alam nating lahat ito.

Ngayon, ang Ika-pitong Kapanahunan ng Iglesia ang makararanas ng pagagaw. Lahat ng anim na nauna ay nangamatay, ngunit si Enoc ay nailipat dahil siyay di na natagpuan; kinuha siya ng Diyos. Ngunit si Enoc na inagaw, ito'y katipo ng ang lahat ng iba sa kanila ay nangam.atay, datapuwat angang Nobya ng huling panahon ay tatawagin mula sa (ang pag-agaw, walang kamatayan) — ay tatawagin mula sa ika-pitong Kapanahunan ng Iglesia. At atin ngayong nasasaksihan ang panahong iyon. Ay, naku! Magpakalalim pa tayo ng husto ngayon. Kita n'yo?

62 Ngayon, ito ay isa pa ring tipo ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia, na ayon sa Apocalipsis 10:7 na ang dakilang hiwaga ng Aklat ay mailaladlad sa pamamagitan ng Mensahe ng ika-pitong anghel.

Ngayon, may isang Mensahero na higit kaysa sa lahat ng ito, at may mensahero sa lupa. Ang salitang Ingles na angel ay nangangahulugang"isang mensahero." At sa Mensahe ng ika-pitong anghel, habang k~niyang. . . at nang pasimulan niyang patunugin ang kaniyang lingkuran hindi nang magsimula siya . . . Si Jesus, nang Siya'y magpasimula, nagpagaling Siya ng mga may sakit at ng mga may karamdaman. "At, oh, ang dakilang Rabi, isa siyang propeta!" At lahat sila'y ibig mag-anyaya sa Kaniya sa kanilang mga simbahan, ngunit nang maupo Siya minsan at nagsabi, "Ako at ang Ama ay iisa," aba'y iba na 'yon. lba na 'yon. "At malibang kanin mo ang laman ng Anak ng tao at inumin ang Kaniyang Dugo, ay wala kang buhay sa iyong sarili." Kita n'yo? Kita n'yo? "Aba, eh bampira pala Siya." Iba na iyon. Hindi Niya iyon ipinaliwanag. Nasaksihan na nila ang pagpapamalas, ang pagpapatunay sa Salita ng Diyos sa Kaniyang panahon ay napatotohanan at nagpatunay sa kanilang Siya nga ang Mensahero ng panahong iyon. At hindi na Niya kinailangang magpaliwanag ng anuman.

Maaaring hindi iyon naipaliwanag maging ng mga alagad, ngunit gayon pa man ay sinampalatayanan nila iyon kahit pa hindi nila iyon maipaliwanag. Tahimik silang nakinig at pinaniwalaan nila iyon. Paano nila malalaman kung kailangan nga nilang kanin ang laman Niya at inumin ang Dugo Niya? Aba'y imposibleng magawa nila iyon, ngunit pinaniwalaan nila iyon, sapagkat sila'y nakatalaga. Sinabi ni Jesus na pinili na Niya sila bago pa man lalangin ang sanlibutan. Pinaniwalaan nila iyon. Maipaliwanag man nila iyon O hindi, pinaniwalaan pa rin nila iyon.

63 Masdan ngayon! Ngayon, sa Ikapitong Kapanahunan ng Iglesia kung kailan magpapasimulang umihip ang ikapitong anghel, ay doon na maibubunyag ang mga hiwaga ng Diyos. Ang mga tatak na iyon na di nagawa ng mga reformer. . . marahil ay hindi sapat ang kanilang panahon . . . Hindi sapat ang naging haba ng buhay ni Luther O ni Wesley man, ang mga panahon ay di naglaon nang sapat. Ang mga reformer na iyon, ihinatid nila ang kanikanilang mga mensahe para sa kanilang panahon, at kinuha iyon ng mga tao at ginawa iyong denominasyon. At ano ito?

64 Hinding hindi mo matatalo ang kalikasan. Ang kalikasan ay laging nagpapatotoo. Ang Diyos ay laging kumikilos ayon sa takbo ng kalikasan. Kailangang magkagayon. Tulad ng araw, ang araw ay sumisikat sa umaga; mistula itong isang bagong silang na sanggoL Mahina pa ito, wala pang gaanong init na taglay. Pagsapit ng ikasampu ng umaga, patapos na ito ng mataas na paaralan. Sa kalagitnaan ng araw, papas ok na ito sa buhay. Pagsapit ng Ikatlo ng hapon ay tumatanda na ito. Pagsapit ng ika-lima, maghihingalo na ito, matanda na't mahina nang muli, pabalik na sa kaniyang libingan. lyon na ba ang wakas niya? Sisikat itong muli kinaumagahan. Kita n 'yo?

Tingnan ninyo ang mga puno kung paano silang nagdadahon, at lahat ng kanilang gawi. Ngayon, makikita nating nalalagas ang mga dahon nito at muling nagbabalik. Ang... Ano? Ang buhay ay bumababa sa ugat ng puno. Iyon na ba ang wakas nito? Nagbabalik ito sa susunod na tagsibol, taglay ang panibagong buhay.

65 Ngayon, masdan ang mga iglesia, kung paanong ganito rin ang naganap dito sa repormasyon. Tumubo ito. Ang butil ng trigo ay nahulog sa lupa at namatay sa ilalim ng pag-uusig ng Mga Panahong Madilim. Naibaon ito sa lupa. Kinailangan nitong mamatay. Sino mang taong espirituwal ay makauunawa nito. Malibang mamatay at mabulok ang binhing iyon, mananatili iyong nag-iisa. At kailangang mailibing iyon sa lupa sa Panahong Madilim. Humimlay iyon doon, nabulok iyon, at umusbong ang dalawang maliliit na dahon ng iglesiang Lutheran. Mula sa iglesiang Lutheran ay nagusbungan naman angiba pang mga dahon, sina Zwingli at ang mga iba pa. Mula rito'y tumubo ito at namulaklak, at iyon si John Wesley, sa dakilang panahon ng misyon. At naiwan iyon. Mula roon ay sumibol ang panahong mapanlinlang, ang panahong Pentecostal. Ang butil ng trigong iyon, na . . .

Sino ba rito ang nakapagtanim na ng trigo? Tingnan ninyo ang trigo. Pagdating n'yo sa bukid n'yo, sasabihin n'yo, “May trigo naako.” Tila nga may trigo ka na; ngunit kung ito'y bubuksan mo at susuriing mabuti, makikita mong wala pa itong kalaman-laman. Ipa lamang ang naroroon. Oi ba't binalaan tayo ni Jesus sa Mateo 24:22-24, na sa mga huling araw na ang dalawang espiritu ay magiging magkatulad na magkatulad na dadayain nito pati na ang piniling trigo kung maaari lang. Ngayon, masdan, ito'y isang tagapagdala

66 Ngayon, ang buhay na dumaloy kay Luther arig nagpalitaw kay Wesley. Ang Buhay na dumaloy mula kay Wesley ang nagpalitaw sa Pentecostal. Ang Buhay na umusbong mula sa Pentecostal ang siyang bubuo sa trigo. Ngunit ang mga iyon ay pawang mga taga-dala. Ang tunay na Buhay ay dumaraan doon. Ang Mensahe ay dumaraan doon, nguni't ito'y patungo na sa trigo. Ito ang dahilan kung bakit namumuo ang trigo at tinitipon ang lahat para sa pagagaw dito sa tuktok. Ang Nobya ay magmumula sa bawat kapanahunan ngunit ang denominasyong bahagi ay naluluoy, natutuyo at namamatay. 116 Napansin ba ninyo nitong mga huling araw kung paanong unti-unti na itong humihiwalay? Kapag nagsimula nang tumubo ang trigo, magpapasimula nang humiwalay ang ipa rito.

67 Tingnan ninyong mabuti ang munting butil na iyon. Bulatlatin mo ito at tingnan ang loob at makikita mo; may makikita kang isang katiting na butil ng trigo sa gawing hulihan. Kakailanganin ng malakas na mikroskopyo para makita mo ang napakaliit na kudlit ng trigo sa ban dang puwitan. Kita n 'yo? Maaaring nasa isang dulo pa lang ito, ngunit nagsisimula na itong tumubo. Ngayon ang ipa ay kailangan upang bumalot at tumakip sa trigo upang mabigyan ito ng pagkakataong makalabas. Ngunit kapag ito'y nagpasimula nang tumubo at ang Mensahe ay nagsimula nang kumalat, doon na hihiwalay ang ipa. Atang buhay ay lalabas na sa ipang iyon, patungo sa trigo. Magpapatuloy ito. Ganiyan ang nagaganap sa bawat kapanahunan. Talagang - Hindi talaga maaaring talunin ang kalikasan; ito'y . . : iyon ang paraan ng pagkilos ng Diyos, ang Kaniyang mga pamamaraan.

68 At ngayon, iyan ang kapanahunang kinabibilangan natin ngayon, ang ika-pitong Kapanahunan ng Iglesia.

Ngayon, lahat ng ito'y ipamamalas sa butil ng trigo sa katapusan. May isa pang babalik . . . Ngayon, kung titingnan ninyo sa Lucas kabanatang 17 talatang 30, ang sabi Niya, “At kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, ay gayon din naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao, kapag ang Anak ng tao ay nagpasimulang magpahayag ng Kaniyang Sarili.” Ano ang ipapahayag? Ipapahayag Niya kung ano Siya sa panahong ito, ipapahayag ito sa mga tao, ang Salitang naipabatid sa araw na iyon, inihahayag sa mga tao sa pamamagitan ng pagpapamalas ng Banal na Espiritu, ginagawang buhay si Jesus sa kalagitnaan natin.

At alalahanin ninyo, Siya ay naikatawan doon bilang isang Tao, isang Tao. Ang sabi niya, “Kung paano noon.” Ngayon, ang binasa Niya ang siya ring Bibliang binabasa natin ngayon, ang Genesis. Ngayon, mapapansin nating sa kabanatang iyon ng Genesis na tinutukoy ni Jesus. . .

69 Mababasa natin dito na habang Siya ay nakatalikod sa kubol na iyon at si Sara ay nasa loob nito, ang sabi Niya — mayroon Siyang itinanong. At hindi niya mapaniwalaang ang napipintong maganap ay maaaring maganap. Ang sabi Niya, ''Ngayon, Abraham, dadalawin kita ayon sa panabon ng buhay.“ At si Sara na nasa loob ng kubol ay nagtawa. Ang sabi ang Niya, ”Bakit nagtatawa si Sara sa loob ng kubol at nagsasabing 'Paano mangyayari ang mga bagay na ito?“ Nangako si Jesus at Siya iyon; tinawag Siya ni Abraham na Elohim, ang Makapangyarihan sa lahat. Siya iyon.

Ngayon, inihuhula ng Biblia na muling magbabalik ito sa huling araw. Sinabi ito ni Jesus. At kapag nakita na ninyong nagaganap na ang mga bagay na ito, tandaan ninyo, kapag nagsimula nang maganap ito nang gano 'n, kung gayo'y - alam na ninyo na ang oras ay napipinto na.

70 Tingnan ninyo ang sanlibutan. Masdan ang sanlibutan, para nang Sodoma, kung may matatawag na

Sodoma. Masdan ninyo ang mga tao, mga buktot sa matinding kabuktutan. Ang kanilang pag-iisip ay liko. Hindi na nila alam kung ano ang pangkaraniwang katinuan. Tingnan ninyo ang mga kriminal, mga bakla, at lahat na. Tingnan ninyo ang ating mga kababaihan, kung gaano na sila nagwawala. Tingnan ang pagwawala ng kalaswaan, mga babaeng imoral, hindi lamang sa . . . Sasabihin ninyo, "Mga Metodista 'yon." Pati na ri.n ang mga Pentecostal. Labat na sila.

Tingnan ninyo ang ating mga kalalakihan; sila'y . . . sa halip ng Salita ng Diyos, pilit silang kumakapit sa mga tradisyon ng kanilang denominasyon imbes na sila'y magsilabas kapag nakikita na nilang ang Diyos mismo ang nagpapakilala sa Kaniyang Sarili. Ang dahilan, sila ay mga bulag at hindi nila makita ito. Hindi nila ito makikita kailan man. Ngayon, masdan kung ano ang nagaganap dito, habang tayo'y nagmamadali. Gusto na yata tayong paalisin ng ginang na iyon, nakita kong ikinakampay niya ang kaniyang mga kamay na para bang gusto na niya tayong umalis. Kaya't kailangang magmadali na tayo.

71 Ngayon, pansinin si Enoc, ang tipo ng Iglesia. Dito ay naitipo rin siya sa Ikapitong Kapanahunan ng Iglesia. Maiisip ba ninyo ito? Ang ikapitong kapanabunan ng Iglesia. . . Pansinin, sa pagtunog ng ...

IIan ba sa inyo ang naniniwalang may pitong mensahero para sa pi-tong . . .? Oh, dapat ay paniwalaan nating lahat ito kung naniniwala tayo sa Biblia. Kung hindi tayo naniniwala sa Biblia, natural (kita n'yo?) na hindi natin ito mapapaniwalaan. Nguni't mayroon nang. . .

Ngayon, tayo'y nabubuhay sa ikapitong Kapanahunan ng Iglesia. At kapag sinabi ng Biblia na ang Ikapitong Kapanahunan ng Iglesia. . . Kapag ang Mensahero ng Ikapitong Kapanahunan ng Iglesia ay nagpasimula nang magpatunog ng kaniyang Mensahe, ay maihahayag na ang mga hiwaga ng lahat ng mga bagay na napilipit sa mga panahong nagdaan, sa oras na iyon. At dito'y nakikita na natin, ang Anak ng tao na dumarating sa Kaniyang bayan at ginagawa ang mga gawang katulad na katulad nang dati, pinagtitibay ang Kaniyang Mensahe tulad ng sinabi Niya. Dito natin ito makikita sa huling panahon.

Ngayon... At ang pitong pagbabantay, tulad ng pitong pagbabantay,ang una'y sumapit . . . hindi Siya dumating sa unang pagbabantay, O sa ikalawa, ikatlo, O ika-apat, datapuwa't darating Siya sa ikapitong pagbabantay. Iyon si Enoc, ang ikapito, na naagaw, at si Noah, na siyang tipo ng natira sa mga Judio, ay maiiwan at aanurin. 126 Ngayon, sa panahon ng Biblia — pag-usapan natin ang mga oras ng pagbabantay — ang mga gabi ay hindi nahahati sa mga oras sa Biblia.

72 (Ngayon, makinig kayong mabuti dahil magmamadali ako't kailangan na yata nito ang silid na ito.) Hindi, ang Biblia ay hindi nahahati — ang gabi ay hindi nahahati sa mga oras, kundi nung mga araw na iyon, ito'y nahati sa mga pagbabantay.

May tatlong panahon ng pagbabantay. Ang una ay mula 9:00 hanggang 12:00; ang ikalawa'y magsisimula sa 12:00 hanggang 3:00, at ang ikatlo'y mula 3:00 hanggang 6:00. Ngayon, tatlo ito, tatlong tatlo, ibig sabihin ay siyam, bilang na di sakdal. Kung magkagayo'y babalik tayo sa pito para sa pag-agaw, na sa palagay ko'y magaganap sa pagitan ng 6:00 at 7:00 — o, 6:00 at 9:00 ng umaga. Sapagkat tutunog na ang pakakak ng Panginoon. . Sa umagang kay ganda Magsisibangon na sila, Sama-samang sasalubong kay Cristo; Lahat sila'y magkakatipon sa tahanang kay saya, Sa pagtawag Niya sa ngalan ng Nobya.

73 Ang salitang "rapture" ay hindi kailan man ginamit sa Biblia. Inilagay lang natin ang salitang iyon dito. Ang sinabi ng Biblia ay "aagawing pataas". Mababasa natin dito sa II Tesalonica O I Tesalonica, ang pagkakasunodsunod ng kaganapan ng pag-agaw na magaganap sa mga huling araw. Pakinggan ninyo ito. Magsisimula tayo sa ika-13 talata. . . . Nguni't hindi namin ibig na kayo y . . . di makaalam, mga kapatid, tungkol sa nangatlltulog; upang kayo'y hllwag mangalumbay, na gaya ng mga iba, na walang pag-asa. Sapagka t kung tayo'y sumasampalataya . . . si Cristo ay namatay at nabuhay na maglili. ay gayon din naman ang. . . nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya. Sapagkat.. . ito'y sinasabi namin sa inyo s6 salita ng Panginoon, na tayong nangabububuhay. na iyon na hadlang ay nangangahulugang "pigilal1.") . . . sa anomang paraan ang mga nangatutulog. Sapagka't ang Panginoon din ang bababang . . . (Ngayon ay makinig kayong mabuti.) . . . . .. ang Panginoon din ang bababa mula sa langit na may isang sigaw. may tinig ng arkanghel at. . . may pakakak ng Diyos at ang mga nangamatay kay Cristo ay unang babanulnin:

74 Ngayon, nais kong pansinin ninyo ang isang dakilang bagay na naganap dito. Huwag ninyo itong palalampasin. Ngayon pansinin, ang Salita ang nagsasaysay dito sa I Tesalonica na may tatlong bagay . . . Pansinin. mula sa lka-13 hanggang sa ika-16 na talata na may tatlong bagay na kailangang maganap bago magpakita ang Panginoon. (Madaliin natin ngayon para makapagwakas na tayo. Kita n'yo?) Ang unang naganap ay pansinin: isang sigaw, isang tinig, at ang pangatlo'y isang pakakak. Basahin natin ito ngayon at nang makita natin kung tama ito. Kita n'yo? Sapagka tang Panginoon din. . . (talatang 16) . . . ang bababang mula sa langit. na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel. at may pakakak ng Dios: . . .

75 May Tatlong bagay na naganap, isang tinig — isang sigaw, isang tinig, isang pakakak ay kailangan

munang maganap bago magpakita si Jesus. Ngayon, isang sigaw. Ginagawa ni Jesus ang tatlong iyon habang Siya Siya — Siya ay bumababa. Isang "sigaw," ano ba ang "sigaw"? Ito'y isang Mensahe na una munang lalabas, ang Buhay na Tinapay ng Buhay na nagpapalitaw sa Nobya

Ngayon, may paraan ang Diyos ng paggawa .ng mga bagay at hindi Siya kailanman nagpapalit ng panuntunan. Kailan ma'y hindi Siya nagpapalit ng . . . Siya'y Diyos na hindi nagbabago. Sa Amos 3:7, sinabi Niya na wala Siyang gagawing anuman hangga't hindi Niya ito naipapaalam sa Kaniyang mga lingkod, na mga propeta. At singtiyak ng pangako Niya, ay tutuparin Niya ito.

76 Ngavon, dumaan na tayo sa mga kapanahunan ng iglesia, ngunit sa Malakias 4 ay ipinangako sa atin na sa mga huling araw ay muling magbabalik ang isang propeta sa lupain. Tama 'yan! Masdan ninyo ang kaniyang kalikasan at kung ano ang magiging gawi niya. Siya'y... Oh, siya . . . Limang beses ginamit ng Diyos ang espiritung iyon: minsan kay Elias, kay Eliseo, kay Juan Bautista, upang tawagin ang Igiesia, at ang natira sa mga Judio; limang ulit, grace, J-e-s-u-s,.fa-i-t-h, at ito ang bilang ng biyaya. Kita n 'yo? Tama.

77 Ngayon, tandaan, ang Mensahe ay naipangako na. At kapag ang lahat ng mga hiwagang ito ay napagbalu-balumbon na ng lupon ng mga eklesiastiko, kakailanganin ang isang — isang propetang mula sa Diyos upang maghayag nito. At iyan nga ang ipinangako Niyang gawin. Kita n'yo?

Ngayon tandaan, ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa isang propeta, hindi sa isang teologo, kundi sa isang propeta. Siya ang tagasinag ng Salita ng Diyos. Wala siyang maaaring sabihing anuman; hindi niya maaaring salitain ang sariIi niyang kaisipan. Ang tanging sasalitain niya ay kung ano lang ang ipinahayag sa kaniya ng Diyos. Maging ang propetang si Balaam, nang siya'y subukin kung ipagbibili niya ang kaniyang karapatan; ang sabi niya "Paanong makapagsasalita ang isang propeta ng anum an maliban sa mga salitang inilalagay ng Diyos sa kaniyang bibig?" Itinakda ng Diyos na wala siyang masabing iba pa. At ganito ka isinilang. 135 Tulad ng di mo maaaring . . .

78 Kung sasabihin mo, "Hindi ko maidilat ang mga mata ko," kung ika'y may tinitingnan. Maididilat mo ito. Hindi mo maaaring sabihing hindi mo maaabot ang iyong kamay samantalang kaya mo naman. Hindi ka maaaring maging aso kung ika'y isang tao. Nilalang ka ng Diyos nang ganito at kailangan Niyang - mula sa panahon ni Isaias, ni Jeremias, at lahat ng - ni Elias, at sa mga panahong nagdaan. nang ang mga lupong marurunong na tagapagturo tungkol sa mga bagay ng Diyos ay nangalito, na magsusugo Siya ng isang propeta, palilitawin siya mula sa kawalan. Ang propetang ito'y hindi magiging kabilang sa anumang mga institusyon nila, nguni't sasalitain niya ang Kaniyang Salita, at kaagad siyang'mawawala sa tagpo at aalis, isang lalaking totoong matapang na nananangan sa Katotohanan ng Diyos. 136 At kadalasan . . . Para mo siya makilala, ang sabi Niya, "Kung sinoman sa inyo ang espirituwal O isang propeta . . ."

79 Ngayon ang isang propeta . . . Mayroong tinatawag na kaloob na panghuhula sa iglesia, nguni't ang isang propeta ay itinalaga at itinakda na para sa oras niya. Kita n 'yo? Opo! 137 Ngayon, kung may hulang lalabas, dapat ay may dalawa O tatlong dapat magpasya kung ito'y tama O mali bago ito tanggapin ng iglesia. Datapuwat walang makahahatol sa isang propeta sapagka't siya ang - siya ang di mapapasubaliang Salita ng Diyos. Siya ang Salitang iyon sa kaniyang panahon. Nakita niya ang Diyos na pinasisinag ang . . .

Ngayon, kung nangako ang Diyos na muli Siyang magsusugo ng gayon sa mga huling araw upang mailabas ang Nobya mula sa Eklesiastikong kalat, at ito'y . . . Ito lamang ang tanging paraan upang maisakatuparan ito.

80 at hindi ito maisasakatuparan sa . . .Hindi matatanggap ng iglesia si Cristo. Ang mga Pentecostal, hindi nito maaaring dalhin ang Mensaheng ito sa kasalukuyan nitong kalagayan. Paano nating matutupad ang hula sa huling kapanahunan sa kasalukuyan nilang kalagayan ngayon, samantalang ang bawat isa sa kanila'y laban sa isa't isa, at lahat na, sa larangang eklesiastika? O, habag. Isang napakalaking kalat nito. Humantong na sila sa iba't-ibang denominasyon. At sa bawat pagkakataon, nais kong tanungin ang sinumang mananalaysay kung hindi ganito ang laging nagaganap. Sa tuwing may lalabas na mensahe sa lupa at kanila itong inorganisa, kaagad itong namamatay. At ganito rin ang ginawa ng Pentecostal, tulad din ng ginawa ng mga nauna. Ang Pentecostal na lumabas . . .

81 Kayong mga Assemblies of God, nang lumabas ang inyong mga ninuno mula sa mga kapisanan doon sa dating Pangkalahatang Konseho, sila'y nagtitili at nagpuri sa Diyos at tinuligsa ang mga bagay na iyon; at pagkatapos para kayo ngayong asong kinakaing muli ang kaniyang isinuka O parang isang baboy na nagbalik sa kaniyang dumi at ginagawa na rin ninyo ang mga gawang ginagawa nila; at ngayo'y labis na kayong nagpaka-eklesiastiko at ipininid n 'yo na ang lagusan ng inyong habag, at kailangan pa ngayong may panghawakang tarheta ng kapisanan bago makipag-ugnayan ang sinuman sa inyo.

At kayong mga oneness, binigyan kayo ng Diyos ng isang mensahe at sa halip na magpatuloy kayo rito at magpakumbaba, ay sumige kayo't kumalas at nagtatag ng sarili ninyong grupo. At nasaan na kayo ngayon? Sa iisang timba rin. Ganiyang-ganiyan nga! At ang Espiritu ng Diyos ay patuloy na kumikilos.

"Akong Panginoon, ang magtatanim, didiligin Ko ito araw at gabi at baka may mga maparitong . . ."

Itinakda Niyang maganap ang mga bagay na ito, at kailangan Niyang isugo ito.

82 Ang unang bagay na magaganap kapag nagpasimula na Siyang bumaba mula sa langit, ay may isang sigaw! Ano iyon? Iyon ay isang Mensahe upang tipunin ang mga tao. Kailangan munang may isang mensaheng lumabas. Ngayon, "Oras na upang isaayos ang mga ilawan. Magbangon at ihanda ang inyong mga ilawan." Anong pagpupuyat ba iyon? Ang ika-pito, hindi ang ikaanim, kundi ang ika-pito. "Narito, dumarating na ang Nobyo. Magbangon kayo't isaayos ang inyong mga ilawan." At sila'y tumalima. Nalaman ng iba sa kanila na walang langis ang kanilang mga ilawan. Kita n'yo? Ngunit oras na upang isaayos ang mga ilawan. Oras na ng Malakias 4, at ng Lukas 17, at ng Isaias. . . Lahat ng mga hulang iyon — na matamang isinaayos sa Kasulatan para sa araw na ito, nakikita nating ito'y nabubuhay na rito ngayon. Walang...

83 Nakikita na nating nagaganap ang mga bagay na ito, minamahal kong kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung kailan, ang Diyos lang sa langit ang nakababatid kung mamamatay na ako, sa entabladong ito ngayon; kayo'y — kailangan n'yo lang na maglakad-Iakad ng ilan pang panahon. Ako'y. . . Talagang ito'y . . . Matindi ito. Kung makikita ninyo ang Diyos na dumarating mula sa langit at Siya'y tatayo sa harap ng kalipunan ng mga tao, at tatayo roon, at ipakikilala ang Kaniyang Sarili, gaya ng nagawa na Niya. . . At iyan ang katotohanan, at ang Bibliang ito ay bukas. Kita n'yo? Naririto na tayo!

At ang sistemang maka-denominasyon ay patay na. Wala na ito. Hindi na ito makababangon pang mulL Ito'y susunugin. lyan ang ginagawa samga ipa sa bukid. Lumayo kayo rito. Kay Cristo kayo magsipasok. Huwag n'yong sabihing, "Kasapi ako sa Metodista!"; "Kasapi ako ng Baptist!"; "Kabilang ako sa Pentecostal!" Kay Cristo ka pumasok. At kung ikaw ay na kay Cristo, walang anumang nasusulat dito kundi yaong pinaniniwalaan mo. Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinasabi ng iba. At ipinamamalas ng Diyos ang bagay na ito, dahil ikaw ay . . . Kapag ibinuhos Niya ang Espiritu sa Salita, anong mangyayari? Tulad ng kung tutubigan mo ang anumang binhi. Ito'y mabubuhay at magbubunga ayon sa uri nito.

84 Sasabihin mo, "Bautismado na ako sa Espiritu Santo." Hindi iyan nangangahulugang ligtas ka na, napakalayo.

Tumingin ka rito. ikaw ay isang nilalang na may tatlong bahagi. Ikaw ay . . . Sa loob ng munting taong ito ay mayroong kaluluwa; bukod dito ay may espiritu; at bukod dito'y mayroon siyang katawan. Ngayon, mayroon kang limang pandama sa katawang ito upang makapamuhay ka rito sa iyong makalupang tahanan. Hindi magawang maabot ng mga pandamang ito ang iba pa. Dito' y mayroon kang limang pandama ng espiritu, pag-ibig, kunsensiya, at ang iba pang tulad noon. Datapuwat dito ka namumuhay. Ito yaong ikaw.

Di ba't sinabi ni Jesus na pumapatak ang ulan kapuwa sa matuwid at sa hindi matuwid? Maghasik ka ng panirang — damo sa isang bukid at tabihan mo ng trigo at kapuwa sila diligin, at lagyan sila ng pataba at lahat ng kailangan, hindi ba't kapuwa sila umiinom at nabubuhay sa iisang tubig? Siyanga! Nguni't ano iyon? Ang isa sa kanila ay mamumunga ng amorscko dahil iyon talaga siya. Ang damong ligaw ay magtataas ng kaniyang mga kamay at sisigaw din siya katulad ng ginagawa ng trigo.

85 Hindi ba't sinabi ng Biblia na sa mga huling araw ay magsisidating ang mga vulaang Cristo, hindi mga bulaang Jesus, kundi mga bulaang Cristo, mga pinahiran, hmvad na pinahiran sa Salita. Pinahiran ng denominasyon nguni't hindi sa Salim, dahil ipakikilalang Salita ang Kaniyang Sarili. Hindi ito nangangailangan ng iba pa; Siya mismo ang magpapakilala sa Kaniyang Sarili. At magdadatingan ang mga bulaang pinahiran. Nasa inyo ang teyp ko tungkol dito. At ang pinahi . . . O, kung tatanungin mo ang isa ng ganito, "Oh, lka,,, — ikaw ba'y isang Jesus?", "Aba 'y, hindi!" Hindi nila ito mapaninindigan. Ngunit pagdating sa, "O, luwalhati, nasa akin ang pagkapahid. . ." At ito'y isang tunay na pagkapahid.

Alalahanin, si Caifas man ay maroon nito at siya'y nakapanghula. Gayon din naman si Balaam at siya rin ay nanghula, datapuwat walang kinalaman iyon doon sa nasa loob. Malibang iyon ay isang binhi ng Diyos, ang binhingpunla Niya noon pang pasimula, nakatalaga, tapos ka na. Hindi mahalaga kung gaano ka kalakas magsisigaw, O magsalita ng iba't-ibang wika, magtatakbo, O magtitili; wala itong kinalaman dito. Ang panirang damo ay makakikilos ng katulad ng ikinikilos ng iba pa sa kanila. Nakakita na ako ng mga paganong bigla na lang tatayo at sisigaw, at magsasalita ng iba't - ibang wika, at — pagkatapos ay iinom ng dugo mula sa bungo ng tao at tatawag sa diablo. Kita n 'yo? Kaya't hindi n 'yo nanaisin ang anumang mga sensasyon at anumang bagay na katulad nito; kalimutan n'yo 'yan. Ang mahalaga ay nasa Salita ang puso ninyo, at iyon si Cristo. Dalhin mo Ito rito at masdan kung paano Nitong ipina'kikilala ang Sarili Nito at kung paanong mamurnukadkad Ito tulad ng alin mang binhi at ipinapahayag ang Sarili para sa panahong kinabubuhayan Nito.

86 Ang napalitaw ni Luther ay pawang mga mumunting usbong ng dahon. Nagawa naman ng iba na makapagpalitaw ng iba pa. Nasa panahon na tayo ng butil ng trigo ngayon. Ang mga Lutheran, ang mga tunay ng Lutheran ay kailangang mamunga ng tunay na Luther. Ang mga tunay na Pentecostal ay dapat

magbunga ng tunay na Pentecostal. Iyon lang. Ngunit nalampasan na natin ang panahong iyon at patuloy tayong umuusad.

Alam ba ninyong nang mag-umpisa ang iglesia Catolica ay Pentecostal din ito? At kung tatagal pa ang iglesiang Pentecostal ng dalawang libong taon, magiging mas masahol pa ito sa kasalukuyang lagay ng Catolico ngayon. Ganiyan nga! Ngayon, sinasabi ko ito sa mga kapatiran kong mga lalaki't babae na minamahal ko, at batid iyan ng Diyos. Magkikikita tayo roon sa paghuhukom. At maaaring hindi na iyon magluwat. Kailangan kong saksihan kung ano ang katotohanan.

87 Nang makisama ako sa inyo sa mga pagtitipon upang manalangin para sa mga maysakit, minabuti n'yo ito, ngunit nang ako'y maparitong taglay ang Mensahe . . . Kung may anumang mensaheng lalabas, at kung ito'y totoo, kung ito'y isang tunay at totoong himala ng Diyos, at ika'y mananatiling nakakapit sa iyong samahan, samantalang alam mong ito'y hindi sa Diyos dahil naipakilala na iyon ng bagay na iyon. Si Jesus ay humayo at nagpagaling ng mga maysakit upang makuha ang pansin ng mga tao, at pagkatapos ay saka Niya inilabas ang Mensahe Niya! Siyanga! Kailangan munang magkaroon ng isang bagay na maipapakilala ng Diyos. Kaniya lamang . . . Ang pagpapagaling ng Diyos ay . . . Ang mga Himalang ito ay para lamang matawag ang pans in ng mga tao. Ang pinakamahalagang bahagi nito ay ang Mensahe. lyon ang mahalaga. Kung ano ang nagmurnula rito sa loob. Sinisikap Niyang lugurin ng mga tao upang sila'y manatili at makinig sa Kaniya. Sapagkat may mga tao roong nakatakdang mabuhay. At ahg ibang trigo ay nahulog sa daan at tinuka ang mga iyon ng mga ibon. Ang iba'y nahulog sa mga dawagan, at ang iba'y sa — nahulog sa inilaang lupa at nagsipamunga.

88 Hindi, ito'y . . . Una ay ang pagtunog — O una muna ang pagtunog ng pakakak at isang — O ang isang tinig - isa munang sigaw, at pagkatapos ay ang tinig, at pagkatapos ay ang pakakak. Sigaw, isang mensahero ang naghahanda sa mga tao. Ang ikalawa ay isang tinig. Ang ikalawa ay ang tinig ng pagkabuhay na maguli. Ang siya ring tinig, ang isang malakas na tinig sa Juan II :38 at 44 na tumawag kay Lazaro mula sa kaniyang libingan. Tinitipon muna ang Nobya; kasunod ang pagkabuhay na maguli ng mga patay (kita n 'yo?), upang makasama silang maagaw pataas. Ngayon, masdan ninyo ang tatlong bagay na magaganap.

Ang kasunod ay ang ano? Ang pakakak. Isang tinig — isang sigaw, isang tinig, isang pakakak.

89 Ngayon ang ikatlo ay ang pakakak, na sa pagdaraos nila ng Pista ng mga Pakakak ay pinatutunog nila ito upang anyayahan ang mga tao sa isang piging at ito yaong hapunan ng Nobya, ang hapunan ng Kordero kasalo ang Kaniyang Nobya sa kalangitan. 154 Tingnan n'yo, ang unang magaganap ayang pagpapalabas ng Kaniyang Mensahe upang sama-samang tawagin ang Nobya. Ang kasunod ay ang pagbangon ng mga nangatutulog na Nobya mula sa mga patay, ya — yaong mga namatay sa mga panahong nagdaan. Sabay silang aagawin, at ang pakakak ay ang piging sa]angit — sa himpapawid. lyan ang mangyayari, mga kaibigan.

Naririto na tayo at nakahanda na ngayon. Ang kailangan na lamang mangyari ay ang mabilad sa araw ang Iglesiang lumabas upang mahinog. Ang dakilang lupon ng mga manunugtog ay dadaan na paglipas pa ng ilang panahon. Ang mga uhay ay susunugin ngunit ang mga butil ay titipunin sa bangan. Kita n'yo?

90 Hindi kayo mga bulag. Kayo'y — kayo'y mga taong matata]ino. At alam ninyong hindi ko sinalita ang bagay na ito dahil sa ma]ing palagay. . . Sinasalita ko ito dahil ito ay Buhay, dahil may pananagutan ako sa Diyos dahil sa pagsasalita ko ng ganito. Kailangan kong sabihin ito. At ang Mensahe ko . . . Noon pa ma'y batid ko nang kaya ako may kaloob na pagpapagaling at iba pa ay upang matawag ang pansin ng mga tao, at nalalaman kong may Mensaheng darating. At ito na nga iyon.

At ang Pitong Tatak ay nangabuksan, ang mga hiwagang iyon, at ang pagpapakita ng mga bagay na iyon ay ang kaganapan nito. Hindi ko pa alam ito noon, ngunit may mga kalalakihang nakatayo rito ngayon na naroroon at nakasaksi sa pangyayari, nang, narinig n'yo nang ipangaral ko ang sermong iyon, Mga Ginoo. Anong Oras Na, Po Bo? [Aklat ng Spoken Word Bol. 2 bIg. 11 -Ed.] At nang umagang iyon, doon mismo sa dako kung saan naihulang magaganap iyon, ay may tumayong pitong anghel na nagmula sa langit. At habang sila'y pumailanglang sa itaas, ay may ipuipong tumangay sa kanila

roon sa itaas, habang kami'y nakatayo, at nagmamasid sa kanilang pag-alis, nakunan ito ng larawan ng siyensiya mula sa — buong kapuluan, abot hanggang sa Mexico.

91 At do on habang pinanonood ko . . .

Isang araw, nang pasimulan kong ipangaral ang pitong kapanahunan ng iglesia, ay tinawag ko si Jack Moore, isang mahusay na teologo; “Jack,” 'ika ko, “sino ba itong Personang nakatayo rito, na ang sabi'y tulad daw sa isang Anak ng Tao na nakatayo roon at ang buhok ay simputi ng lana.?” Ang sabi ko, “Bata pa Siya; paanong nangyaring naging maputing tulad ng lana ang buhok Niya?”

Ang sabi niya, “Brother Branham, iyon ang Kaniyang niluwalhating katawan.” May pakiramdam akong hindi iyon tama. Datapuwat nang Pumasok na ako sa silid at nagsimulang manalangin, ipinaalam Niya sa

akin kung ano iyon.

Kita n'yo, noon pa man ay ipinangangaral ko na na Diyos Siya, hindi lamang isang tao, Siya'y Diyos na nagkatawang tao; Diyos, ang katangian ng Diyos bilang pag-ibig, ang mga dakila Niyang katangiang ipinamalas Niya rito sa lupa. Si Jesus ang pag-ibig ng Diyos, na lumikha ng isang katawan upang tahanan mismo ni Jehovah, Siya ang kabuuan ng Pagkadiyos sa laman. Kung ano ang Diyos, ay ipinakita Niya sa pamamagitan ng katawang iyon. Kinailangang mamatay ang katawang iyon upang mahugasan Niya ng Kaniyang — ng Kaniyang Dugo ang Kaniyang Nobya.

92 At pansinin, hindi lamang nalinis at napatawad ang Nobya, siya'y inari rin namang ganap. Tiningnan na ba ninyo ang salitang "inaring ganap" kung ano'ng ibig sabihin nito? Ganito, halimbawa, nabalitaan ni Brother Green na naglalasing ako at gumagawa ng kung anu-anong kasamaan. Pagkatapos ay natuklasan niyang hindi ko naman pala taIaga ginagawa iyon, pagkatapos ay lalapit siya sa 'kin at sasabihing, "Pinatatawad kita, Brother Branham. "

"Pinatatawad mo ako? Hindi ko kailan man ginawa ang mga iyon. Paano mo akong patatawarin?" Kita n"yo? Ngunit kung taIagang nagkasala ako, maaari akong patawarin, nguni't kahit pa nga ako patawarin ay hindi pa rin ako matatawag na ganap dahil nagkasala naman talaga ako. Ngunit ang salitang inaring ganap ay nangangahulugang "parang hindi mo ito nagawa kailan man" — inaring-ganap. At ang Dugo ni Jesus Cristo ang naghuhugas sa atin sa mga kasalanan, hanggang sa ito'y maitago na sa aklat ng paglimot ng Diyos. Tanging Siya lamang ang makakagawa nito. Hindi natin ito magagawa. Maaari tayong magpatawad, ngunit hindi natin magawang umimot.

Maari kitang patawarin, nguni't lagi kong maaalaia ang mga kasamaang ginawa mo. Kung gayo'y hindi ka ganap kundi pinatawad lamang. Nguni't sa paningin ng Diyos, ang Nobya ay inaring-ganap. Kailan ma"y hindi Niya ito ginawa. Amen. Nakatayo Siya roong kasal sa butihing Anak ng Diyos, at hindi Siya kailanman nagkasala. Bakit? 'Pagkat Siya'y naitalaga na; Siya'y nasilo lamang dito. At ngayong narinig na Niya ang Katotohanan at Siya'y tumalima, nahugasan na Siya ng Dugo. At makatatayo na Siya roong karapat-dapat. Siya'y... Walang anumang kasalanang masusumpungan sa Kaniya.

93 Kaya nga, ang Mensahe ang tumatawag sa Nobya upang sila'y matipon. Ang sigaw at ang pakakak. Nang umaga ring iyon, sa pamamagitan ng isang malakas na tinig ay sumigaw Siya sa pamamagitan ng sigaw na iyon at — ng isang tinig ay ginising Niya si Lazaro. Sa isang malakas na tinig ay sumigaw Siya, "Lazaro, magbangon ka!" Kita n'yo? At ang tinig ang siyang gigising — gigising sa mga nangatutulog na Nobya, ang nangatutulog na mga patay.

At ang pakakak, sa pamamagitan ng tunog ng pakakak, at kapag ito'y tumunog, tatawagin nito . . . Noon sa tuwing tutunog ang pakakak, nagaanyaya ito sa Israel upang dumalo sa Pista ng mga Pakakak (kita n'yo?) na siyang pista ng Pentecostes, ang dakilang pista sa kalangitan at sa Pista ng mga Pakakak . . '. At ngayon, ang pakakak ay nagpapahiwatig ng isang paanyaya upang magtipon ang lahat sa piging. At iyan ang — hapunan ng Kordero sa langit (ngayon, masdan) - ang pagtitipun-tipon ng Nobya, ang Pista ng mga Pakakak, ang Hapunan ng Kasalan. Pansinin. Nakita na natin ito sa mga tipo. Ngayon, masdan itong sumandali bago tayo magtapos.

Pansinin, nakita na natin ito sa mga tipo.

94 Ngayon, kung nais ninyong basahin sa Mateo 18: 16, sinasabi rito na mayroong tatlong nagpapatotoo. Sa San - 1 Juan 5:7 at sa iba pa . . . Laging tatlo ang saksi. Tama ba 'yan? Ito'y isang pagpapatibay kung tama ba ang isang bagay. Tatlong saksi ang dapat mag . . . "Sa bibig ng dalawa O tatlong saksi ay pagtitibayin ang bawat salita."

Pansinin n'yo ngayon, may tatlong saksi na tayo. Ang tatlo ay sapat nang saksi. Ngayon, nagkaroon na ng tatlong pag-agaw sa lumang tipan (alam n'yo ba iyon?) bilang saksi. Masdan ngayon! Si Enoc ang isa; si Elias ang isa pa; at si Jesus ang isa pa. Si Jesus bilang Susing-bato, Siya ma'y nagpatotoo. Tingnan n'yo, Siya ang Susing-bato sa pagitan ng Luma at Bagong tipan, sapagkat kailangan muna Siyang mamatay bago maagaw pataas. Namatay Siya, muling nabuhay, at lumakad ditong kasama natin, at pagkatapos ay inagaw Siyang pataas; dahil Siya ang Susing-bato na Siyang nagdugtong sa dalawa. Pagkatapos ng Kaniyang muling pagkabuhay at ng Kaniyang pag-agaw (tingnan ninyo!), matapos Niyang gawin iyon at patunayang ang Lumang Tipan ay . . . Alam nating lahat na si Enoc ay nailipat. Alam nating si Elias ay tinangay ng isang ipu-ipo (tama ba 'yon?) sa isang karuwaheng apoy. At si Jesus ay namatay, inilibing, nagbangon at namuhay sa lupa at pagkatapos ay inagaw pataas, ang Susingbato. Tatlo ang nagpapatotoo. Tama ba 'yon?

95 Ngayon, isang pag-agaw na ang naganap. Alam n'yo ba 'yon? Titingnan natin kung kaya nating basahin ito nang madalian. Tunghayan natin ang ika-27 kabanata ng Mateo, at kunin natin ang, marahil ay sa bandang ika-45 na talata ng Mateo 27. Tingnan natin kung makikita kaagad natin ito at tingnan natin kung may munting kaisipan tayong mapupulot dito na maaaring makatulong sa atin, madaliin natin — sa 27 at sa 45, Ito nga yata ang naisulat ko rito. Basahin natin. Mula nga nang oras na ika-anim ay

nagdilim sa ibabaw ng buong sangkalupaan hang gang sa oras na lkasiyam. . . At nang mala pit na ang oras na ikasiyam ay sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, na sinasabi: Eli, Eli, lama sabachthani? Sa makatuwid baga)-: Dios ko. . . . bakit mo Ako pinabayaan? At nang marinig ito ng ilan sa nangakatayo roon, ay sinabi, Tinatawag ng taong ito si . . . Elias. At pagkaraka y tumakbo ang isa sa kanila at kumuha ng isang espongha at binasa ng suka, saka inilagay sa isang tambo. at ipinainom sa kantya. At sinabt ng mga tba. . . . Pabayaan ninyo: tingnan natin kung paririto si Elias upang siya:v iligtas. At muling sumigaw si Jesus. .. ng malakas na tinig. at nalagot . . . (isang malakas na tinig, malakas na tinig, masdan, nang si Jesus, ay naghihingalo na, Sumigaw Siya ng malakas na tinig.). . . at nalagot ang kaniyang hininga. At narito, ang tabing ng templo y nahapak na nagkadalawa buhat sa itaas hanggang sa ibaba: at nayanig ang lupa: at nangabaak ang mga bato; At nangabuksan ang mga libingan: at maraming katawan ng . . . mga banal na nangakatulog ay nangagbangon; At paglabas sa mga libingan pagkatapos na siya y mabuhay na maguli ay nagsipasok sila sa bayang banal at nangapakita sa marami.

96 Isang pag-agaw na ang naganap. Tatlo ang naganap sa Lumang Tipan, mga taong nagsipaghanda dahil dinatnan sila ng Salita ng Panginoon. Ang Salita ng Panginoon ay dumating kay Enoc. Ang Salita ng Panginoon ay dumating kay Elias. Isa siyang propeta. Kita n 'yo? Ang Salita ng Panginoon ay si Jesus.

Masdan sa Lumang Tipan, ang mga banal na iyon sa Lumang Tipan nang ang pag-agaw na iyon ay unang maganap. Pansinin ang talatang 50 Ang malakas Niyang tinig ang gumising sa mga banal ng Lumang Tipan katulad na katulad ng naganap na paggising ng malakas na tinig kay Lazaro. Ang malakas na tinig ang nanggising. At ang ikalawa ay matatagpuan sa II Tesalonica sa ika - 4 na kabanata. Tingnan tang natin - basahin . . . kababasa pa lang natin nito kani-kanina lang. “Hindi ko nais nakayo'y hindi makaalam, mga kapatid, tungkol sa nangatutulog, na kayo'y,huwag mangalumbay, na gaya ng . . .” Ito'y sa 1 Tesalonica 4:12-18. Iyan — iyan ang ikalawang pag-agaw na magaganap. Ang ikalawang pag-agaw ay ang pag-agaw ng Nobya.

97 Ang mga Banal ng Lumang Tipan ay naparoon na sa Kaniyang presensiya, naroroon na sa paraiso. Ang mga banal sa Lumang Tipan ay nangagsipanhik nang Siya ay sumigaw ng isang malakas na tinig nang Siya ay sumigaw at nalagutan ng hininga. Ano'ng dahilan? Ang Hain, ang pampalubag loob para sa kanilang mga kasalanan na kanilang pinakahintayhintay . . . Sa paniwalang may sakdal na Korderong darating, nag-alay sila ng tupa bilang hain. At nang Siya'y mamatay, at malagutan ng hininga, ay sumigaw Siya ng isang malakas na Tinig, at nagising ang mga banal ng Lumang Tipan. Masdan ang sigaw at ang tinig dito, gayon din sa Kaniyang pagparito. Kita n'yo? Nalagot ang Kaniyang hininga, at nang magkagano'n , ay nasakdal ang Hain at ang paraiso'y nabasyo; at ang mga banal ng Lupang Tipan ay naparitong muli sa lupa, lumibot dito sa ibabaw ng lupa, at kasama Niyang pumasok sa Kaniyang pag-agaw.

98 Dito'y sinabi ni David, “Kayo'y mangataas, kayong mga walang hangang pintuan, at kayo'y mangataas,”

Dinala Niyang Bihag ang pagkabihag at nagbigay ng mga kaloob samga tao. Nang ang mga banal ng Lumang Tipan ay nagsipasok na kasama Niya, ay sinabi nila, “Sino itong Hari ng katuwiran?”

“Ang Panginoon ng Kaluwalhatian, ang Panginoong makapangyarihan — makapangyarihan sa pagbabaka.” At sila'y pumasok doong nagmamartsa. Binihag ni Jesus ang mga bihag. At narito Siya kasama ang mga banal ng Lumang Tipan at pumasok sa mga bagong pintuan doon sa kaitaasan at nagsabing, “Kayo'y mangataas, kayong mga walang hanggang pintuan, at kayo'y mangabuksan, at papasukin ang Hari ng kaluwalhatian.” Isang tinig ang narinig mula sa loob, “Sino ang Hari ng kaluwalhatian?”

“Ang Panginoon, makapangyarihan sa pakikibaka.” Biglang bumukas ang mga pintuan. At si Jesus, ang Mananakop, binihag Niya ang mga bihag, na nagsisampalataya sa Kaniya at nagsitanggap ng Kaniyang Salita, at ang Salita'y dumating sa kanila. Doo'y naghintayang mga nakahimlay na banal ng Lumang Tipan. Pinangunahan Niya ang mga bihag na Kaniyang nabihag, umakyat sa kaitaasan, isinama ang mga banal ng Lumang Tipan at pumasok doon. May naganap nang isang pag-agaw. 176 Ang susunod na pag-agaw na magaganap ay ang nasa I Tesalonica, kung saan ang Iglesia, ang Nobya ay bubuhaying muli upang agawin patungo sa kaluwalhatian. 'Tayong nangabubuhay na nangatitira (iyan ang katawang naiwan dito sa lupa) ay hindi hahadlang O makapipigil sa mga nangatutulog; sapagka't tutunog muna ang pakakak ng Diyos, at ang mga nangamatay kay Cristo ay babangunin. Kita n 'yo? At tayong mga buhay pa at nangatitira ay aagawing kasama nila sa mga alapaap.“

99 Noong isang araw ay nakatayo ako sa kanto ng kalsada, at ako'y ako'y nakatayo roon —nakatayo ako roon sa kanto at nanonood ng parada ng Araw ng Sandata. At nang malapit na iyon sa kinaroroonan namin, nakatayo ako roon kasama ang aking munting anak na si Joseph. Ang una — Ang unang dumaan ay ang mga lumang tangke ng unang digmaan, maliliit ang mga iyon at luma na. Kasunod niyon ay ang mga tangkeng Sherman nitong nakaraang digmaan, naglalakihan ang kanyon at may mga kagamitang nakakabit doon. Kasunod nito ay ang mga kawal; ang mga ina ng ginintuang bituin. At dumaan ang isang

karosang may puntod sa gawing harapan, ito'y puntod para sa di kilalang kawal; at may isang kawal na nakatayong nagbabantay sa puntod. Sa kabila nama'y may nakabantay na marino, at isang kawal-dagat naman sa kabila. At may isang petisyong nakaguhit at sa kabilang dako nito ay nakaupo ang isang inang may ginintuang bituin. Namatay ang kaniyang anak sa digmaan. Naroon ang batang-batang maybahay ng nasawi, nakasubsob na umiiyak sa isang mesa, at may isang batang lalaking nakaupo, umaagos ang luha sa mukha, dahil wala na ang kaniyang ama. At naisip ko, "Anong laking kalungkutan, habang ako'y nakatayo roon at nakatingin, pinagmamasdan ang mga kawal na iyon na nakaligtas, nagmamartsa sila at marami sa kanila ang pilay at matanda na, nguni't buong pagmamalaki nilang ipinapakita ang kanilang suot na uniporme, 'pagka't sila'y mga Amerikano."

Naisip ko, "O, Diyos ko,

100 isang araw ay may magaganap na pagdagundong mula sa langit, at ang mga namatay kay Cristo ay unang babangunin. Ang mga banal ng Lumang Tipan na naghihintay ng isang dagundong ay magbabangon at mauunang paroroon sa pagkabuhay na maguli; pipila tayong kasunod nila at aakyat tayo sa langit, ang mga katawan nating mortal ay babaguhin, at magiging katulad ng Kaniyang maluwalhating katawan," Anong — anong dakilang parada ang magaganap kapag nagsimula na tayong magmartsa patungo sa langit isa sa mga araw na ito, sa oras ng pag-agaw na iyon na

magaganap sa hinaharap, oh, buong pagmamalaking ipinapakita ang Dugo ni Jesus Cristo sa kanilang mga dibdib, ang Mensahe ng Diyos sa kani-kanilang panahon. Iyan ang oras na hinihintay natin, kapatid.

Tingnan ninyo (sa aking pagtatapos), ang ikalawang pagkabuhay na maguli, lahat — ang una'y naganap na. Ang ikalawa ay napipinto na ngayong maganap. Ito'y darating — malapit na. 180 Ngayon, ang ikatlo ay ang dalawang saksi sa Apocalipsis 11: 11 at 12, ito yaong mga magbabalik taglay ang Espiritu ni Cristo upang magpatotoo sa mga Judio tulad ng ginawa ni Jose sa kaniyang mga kapatid. Matatandaan ninyong ang kanilang mga bangkay ay mararatay sa lansangan sa loob ng tatlo't kalahating araw; pagkatapos ay sumanib sa kanila ang Espiritu ng buhayat sila'y naagaw, at dinala sa kalangitan. Hayan ang tatlong pag-agaw ng Bagong Tipan. Tatlong pag-agaw sa Lumang Tipan, ang mga ito'y nakalipas na. 181 Ngayon ay banda na tayo at naghihintay sa pag-agaw sa mga banal. Ito'y naipangusap na at ito'y magaganap. 182 Kapag may sinalita ang Diyos, maaaring lumipas ang buong langit at lupa, nguni't ang Salitang iyon ay di mabibigo.

101 Nang sabihin ng Djyos sa Genesis 1, ang sabi Niya, "Magkaroon ng liwanag . . . " Maaaring daandaang taon muna ang lumipas bago nagkaroon ng liwanag, datapuwa't nagkaroon ng liwanag. Sinabi niya, "Magkaroon ng puno ng palaspas; magkaroon ng puno ng akasya; magkaroon ng disyerto; magkaroon ng bundok; magkaroon ng ganito." Sinalita Niya ito. Nakikita ba ninyo? At anumang mamutawi sa Kaniyang bibig bilang Salita ay kailangang magkaroon ng pagpapamalas. Kinakailangang magkagayon. Nang. . .

Pagkatapos, isang amw ay tinawag Niya ang Kaniyang bayan at kinausap Niya ang isang lalaking nagngangalang Moises, sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy, isang Liwanag, isang banal at sagradong Apoy. Ayaw ni Moises . . . Ayaw maniwala ng mga tao kay Moises, kaya't sinabi Niya, "Dalhin mo sila rito sa bundok." 184 Nang umagang iyon, napuno ng apoy ang bundok, at kumidlat at kumulog, at ang sabi ng mga tao, "Huwag nang magsalita ang Diyos; si Moises na lang (kita n'yo?) at baka tayo'y mangapahamak." 185 At ang sabi ng Diyos, "Hindi na Ako makikipag-usap sa kanila sa ganitong paraan nguni't magsusugo Ako ng isang propeta sa kanila. At magsasalita Ako sa pamamagitan niya, at kung ang sasalitain niya'y magkakatotoo, pakinggan n'yo iyon sapagkat Ako'y sumasakaniya.' Ngayon, sinabi Niya iyan; sinabi Niyang ito'y magaganap.

102 Tingnan ninyo ang propetang ito na si Isaias nang siya'y tumayo roon, isang lalaki, isang matalinong tao, isang lalaking iginagalang ng hari, sapagkat nakipamahay siyang kasama ni haring Uzzia, na isang dakilang lalaki. Isang araw ay tinangka niyang ilagay ang sarili niya sa posisyon ng mangangaral, at siya'y naparoon at bigla na lang siyang dinapuan ng ketong. At iyan ang sinabi ko sa mga Business Men. Huwag ninyong tangkaing maging mangangaral. Huwag po! Manatili na lang kayo sa inyong kinalalagyan. Gampanan ninyo ang inyong mga gawain, kung ano ang ipinagagawa ng Diyos sa iyo. Kung ika'y isang daliri, hindi ka kailan man magiging tainga. Kung ikaw ay tainga, hindi ka kailan man magiging ilong o mata. Manatili ka sa inyong kinalalagyan. 187 Narinig ninyo ang mensaheng ito noong isang araw sa himpapawid. Ang Pagsisikap na Maglingkod sa Diyos. (Aklat ng Spoken Word, Bol. 4; Big. 8 Ed.) Si David na haring pinahiran, isinisigaw ng lahat ng tao na tama ang ginawa niya, datapuwat hindi niya kinunsulta ang propeta ng Diyos. Isang lalaki ang namatay at nasira ang lahat ng iyon. Huwag n'yong tangkaing gawan ng pabor ang Diyos. Hintayin n'yo ang Kaniyang paraan. Hayaan ninyong maganap iyon ayon sa Kaniyang pamamaraan. "Pasisimulan ko ang isang malaking kilusan, at ganito ang magagawa nito." Mag-ingat ka, kapatid.

103 Ngayon, alam ni David na hindi dapat gawin iyon, si Nathan ay nasa lupaing iyon nang araw na iyon. Ngunit hindi man lamang siya tinanong. Kita n'yo? Ang kinunsulta niya ayang mga magigiting na pinuno ng

daandaan at libu-libo. Ang buong bayan ay nagsigawan at nagtilian at nagsisigaw at ? . . . Napakareliyoso ng lahat ng ikinikilos nila, nguni't hindi iyon nakalinya at hindi ayon sa kaayusan ng Salita ng Diyos at nabigo iyon. Anumang bagay na wala sa hanay at kaayusan ng Salita ng Diyos ay mabibigo. Tanging ang Salita ng Diyos ang mananatili magpakailanman. "Ang langit at ang lupa'y lilipas ngun't hindi ang Aking Salita."

104 Pansinin ninyo si Isaias, isang matalinong binata na nakatayo roon. Kapagdaka'y sumakaniya ang Espiritu. Hindi siya makapangusap ng iba, isa siyang propeta. Ang sabi niya, "Narito, isang dalaga ang maglilihi. Sa atin ay isisilang ang isang bata, isang anak na lalaki ang ipagkakaloob sa atin. Ang pangalan Niya ay tatawaging Prinsipe ng kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama. Ang kapamahalaan ay maiaatang sa Kaniyang mga balikat . . . ? . . . Hindi magwawakas ang Kaniyang paghahari." Paanong sasabihin ng isang matalinong tao na maglilihi ang isang dalaga? Inabangan ito ng bawat isa. Naipangusap na iyon; iyon ay ITO ANG SABING PANGINOON. Kailangan iyong maganap dahil iyon ay Salita ng Diyos, tulad ng naganap sa Genesis nang ilagay Niya ang mga binhi sa ilalim ng dagat, nang ang mundo ay wala pang anyo at walang laman, at ang Espiritu ng Diyos ay nasa ibabaw ng tubig. Makikita nating kailangang maganap iyon. ;

At isang araw pagkalipas ng walong daang taon, nabuo sa sinapupunan ng isang dalaga ang Binhi ng Diyos, isang Binhing nilikha. Siya'y nagsilang ng isang sanggol na lalaki. Yaon ding tumayo roon isang araw at nagsabi, "Lazaro, magbangon ka." At ang lalaking apat na araw nang patay at naaagnas na, lubog na ang ilong, nangangamoy na; nagbangon siya. At sabi pa Niya, "Huwag kayong mamangha rito, sapagkat darating ang oras (amen!) na lahat ng nasa libingan ay makaririnig ng tinig ng Anak ng Diyos." Kaya nga, ito'y nasalita na; kailangan itong mangyari. May pag-agaw na magaganap.

Ay, naku!

105 Naaaiala ko ang aking huling mensahe sa California, kung saan ay inakala kong hindi na ako makakabalik pa, nang hulaan kong lulubog ang Los Angeles sa ilalim ng dagat. At ITO ANG SABI NG PANGINOON magaganap iyon! Tapos na siya; aanurin siya; tapos na siya. Kailan? Hindi ko alam kung kailan datapuwat ito'y lulubog. Pagkatapos na pagkatapos ng pasimula ng pagyanig ng mga malalakas na paglindol .

Kung maaalala n'yo, marami sa inyong mga kalalakihang nakatayo roon, ang batong iyon noong araw na bumaba ang Anghel na iyon sa pook na iyon at may Liwanag at Apoy na nangahulog mula sa langit sa paligid ng bato nang kami'y nakatayo roon, habang ang mga bato'y nagtatalsikan mula sa bundok at bumabagsak sa gawi roon. At nagkaroon ng tatlong malalakas na pagsabog; ang sabi ko, "May paghuhukom na magaganap sa Kanlurang Dalampasigan." Makaraan ang dalawang araw, muntik nang lumubog ang Alaska.

106 Alalahanin ninyo, ang Diyos na nagsabing ito'y magaganap ay Siya ring Diyos na nagsabing ang Los Angeles ay nasumpa na. At tapos na siya. Hindi ko alam kung kailan; hindi ko maaaring sabihin sa inyo.

Hindi ko nga alam na sinabi ko iyon, nguni't ang isa nating kapatid, wari ko'y si . . . Hindi, isa sa mga Mosley, kung hindi ako nagkakamali, ay humabol sa akin palabas sa kalsada. Hindi ko alam kung ano iyon hanggang sa ako'y tuminging pabalik. At binalikan ko ang Kasulatan kung saan sinabi ni Jesus, "Capemaum, Capemaum, ilang ulit . . . itinataas mo ang iyong sarili (iyon pala) sa langit ngunit ika'y ibababa sa impiyeno, sapagkat kung ang mga dakilang gawa — na ginawa sa gitna ninyo ay ginawa sa Sodoma, nakatayo pa rin marahil ito ngayon." At mga isang daan at limampung taon ang nakalipas mula noon — Ang Sodoma ay lumubog na — at ang Capemaum ay nasa ilalim na rin ng tubig ngayon.

107 At ang Espiritu ring iyon ng Diyos na nagsabi ng mga ito, at gumawa ng lahat ng ito, ang Siya ring nagsabing, "O, lungsod ng Capernaum, na tinatawag ang iyong sarili ng ngalan ng mga anghel, Los Angeles. Gaano mong Itinaas ang sarili mo sa langit. (Ang pinaka-ugat at luklukan ni Satanas. Kita n'yo?) Itinataas mo ang iyong sarili."

Mga mangangaral, ito'y isang libingan para sa kanila. Ang mga mabubuting taong nagpupunta roon ay nangamamatay na parang mga daga. Anong laking pagkawasak.

"Ikaw na tumatawag sa iyong sarili sa pangalan ng mga anghel, kung ang mga dakilang gawa na ginawa sa inyong bayan ay ginawa sa Sodoma, maaaring nakatayo pa rin ito hanggang ngayon. Ngunit dumating na ang oras mo." Magmanman kayo't makikita n'yo. Kung hindi ito mangyayari, isa akong huwad na propeta. Kita n'yo? Hayun siya't nakahimlay doon.

108 Naaalaia ko ang gabing iyon . . . bago ko makita ito, at nakita ko na ang parada ng Nobya.. Nakatayo ako roon at nakita ko ang Isang magandang babae na nakadamit ng maayos, at nagma-martsa patungo sa gawing ito. May kasama akong nakatayo roon at nakita kong sinabi nilang, "Iyan ang parada ng Kabiyak." Nakita ko siyang nagdaan. Dumaan sila sa gawing ito at pagkatapos ay umikot.

At narinig kong may dumarating; ang — iglesia ay paparating mula naman sa kabilang dako. Dumaan

ang iglesia sa Asia. Oh, kung karumihan ang paguusapan. Pagkatapos ay dumaan naman ang iglesia ng Europa. Ay, naku! At pagkatapos ay nakarinig ako ng tugtog na rock'n' roll; ang dumarating pala ay si Bb. America, ang iglesia. At wala siyang anumang saplot sa katawan. May hawak siyang mga papel, kulay abo, tila mga diaryo, hawak niya ito at nagsasayaw siya sa tugtog ng rock 'n' roll — si Bb. America, ang iglesia. 200 Tumayo ako roon sa ilalim ng Kaniyang presensiya. Naisip ko, "Oh, Diyos ko, kung iyan lang ang magagawa ko bilang ministro, oh, oh!" Alam ninyo kung ano'ng nararamdaman n'yo kapag ganito, sa loob-loob ko, "Diyos ko, itago mo ako; kung maaari lang akong lumayo rito. Kung sa kabila ng lahat ng nagawa namin ay ganito lamang ang naipalabas namin, kung ito ang . . . "

109 At nang makaraan nang lahat ang mga babaeng iyon, lahat sila'y kurnikembot at iba pa, maiikli ang mga buhok, at may pinta ang mga mukha. At habang sila'y nagdaraan sa gayong ayos, umano'y mga dalagang laan kay Cristo. . . At nang siya'y dumaan nang paganoon . . . lniwas ko ang aking ulo, alam n'yo, sa ganitong . . . naroon iyon sa aking harapan; iyon ay — kahiyahiya iyon; ang kanilang mga likuran. At doo'y patuloy sila sa gayong ayos.

At iniwas ko ang ulo ko at napaiyak ako nang gano'n. Hi - hindi ko iyon matagalan, nakatayo Siya roon, at ako, batid kong isa akong ministro ng iglesia at kung iyon lamang ang ibinunga ng lahat ng paglilingkod ko para sa Kaniya. Ang sabi ko, "O Diyos ko, hindi ko matingnan ito. Hayaan mong pumanaw na ako. ltulot mong ako'y maglaho na." at gano'n ang nasabi ko.

At sa sandaling sila'y lumabas — sa tuwing darating ang isa sa kanila, sila'y paroroon sa isang dako at mahuhulog, at naririnig ko ang sigaw nila habang sila'y nahuhulog. At may narinig akong awitan, tila "Onward Christian Soldiers." At lurningon ako at nakita kong parating ang isang kalipunan ng mga babaeng banal, katulad na katulad ng ayos nila nung una, lahat sila'y nakabihis nang maayos, ang kanilang mga buhok ay nakalugay sa kanilang mga likuran, makikinis, malilinis, nagmamartsa sa tiyempo ng Ebanghelyo. Siya ang Salita. At ang tingin ko'y mula sila sa bawat bansa sa lupa. Minamasdan ko sila habang sila'y dumaraan at nakita ko silang naglalakad. Ngunit sa halip na sila'y mahulog, sila'y biglang pumaitaas. At may napansin akong isa sa kanila, isa O dalawa O tatlo sa kanila ang nagtangkang umalis sa hanay; napasigaw ako, "Humanay kayo!" At naglaho ang pangitain, at ako'y nakatayo sa silid na ito at patuloy na sumisigaw, "Humanay kayo!" Humanay kayo sa. . .

110 Iniisip ko tuloy, naganap na kaya iyon? Natawag na kaya ang Nobya? Ito na kaya ang dinaranas natin ngayon? Kailangan siyang mahubog at maging kawangis ni Cristo, at si Cristo ay ang Salita. Iyon lang ang mahalaga. Kita n'yo, naroroon iyon sa Salita, ito'y . . . Kita n'yo, wala nang maaari pang idagdag dito. Hindi ito maaaring maging isang babae na ang isang kamay ay tulad sa tao at ang isang kamay ay tulad sa aso; kailangan itong maging katugmang-katugma ng Salita ng Panginoon, tulad ng Siya ang Salita. Ang Nobya ay bahagi ng Nobyo. Ang Babae ay bahagi ng kaniyang asawa, sapagka't siya'y hinugot mula sa kaniyang asawa. Si Eva ay bahagi at hinugot mula sa tadyang ni Adan. At gayon din ang Nobya, kinuha, hindi mula sa isang denominasyon, kundi mula sa sinapupunan ng Salita ng Diyos para sa araw na ito.

111 Ang pag-agaw: Pag-ihip Niya ng pakakak; Ang banal ay babangon Sama-samang sasalubong kay Cristo; Sila'y magkakatipun-tipon sa tahanang kay saya, Sa pagtawag Niya ng ngalan ng Nobya. (Sikapin nating lahat na maparoon, mga kaibigan.)

Pagpalain kayo ng Diyos. Naipangusap na ito; kailangan itong maganap. Mangyayari ito! At mga munting nilalang, walang sinumang nagnanais mamatay, walang sinumang nagnanais maligaw Sasabihin ko sa inyo anuman ang gawain ninyo , hindi mahalaga sa akin kung gaano kayo kasipag sumimba at kung gaano kayo katapat sa inyong simbahan. Mabuti iyan hindi ko minamasama iyan dapat kayong sumimba.Gawin n'yo yan ipagpatuloy ninyo ang pagsimba , ngunit sa anu't anuman , iwaksi ninyo ang inyong mga tradisyon,sumulong kayo palapit kay Cristo, sapagkat tutunog na ang pakakak na iyon isa sa mga araw na ito. At masusumpungan kang may tatak ng hayop at hindi mamamalayan hanggang sa maging huli na ang lahat. Tamang - tama 'yan.

112 Pagpalain kayo ng Diyos. Ipagpaumanhin n'yo kung masyado akong nagtagal. At alalahanin n'yo, masyado ko silang napagtagal dito; siyanga. At ang kaloob na ipinasa ninyo para sa akin, at hindi ko sinabing gawin n'yo iyan, Brother. . . lyan ang aking . . . Iyan ay isang kabutihan. Kunin ninyo iyan at bayaran n'yo ang motel na ito, ibayad n'yo sa labis na panahong nagamit natin. Mayroon pa akong ilang bagay na sasabihin sa inyo. Mayroong mga walo O sampung pahina pa rito tungkol sa pag-agaw, ngunit wala na akong panahon para ibigay ito sa inyo.

Pagpalain kayo ng Diyos! Mahal ba ninyo ang Panginoong Jesus? Matahimik tayong sumandaling, buong katahimikan buong paggalang At alalahanin ninyo ang sinasabi ko. Alalahanin ninyo, tayo'y nasa mga huling oras na. Bansa'y nangangawasak; Nagising na ang Israel; Isang hulang tanda sa Biblia Biyaya sa Hentil ngayon magwawasak Magbalik-loob tayo sa Diyos Araw ng pagtubos napipinto na; Puso ng tao'y may takot Ilawa'y Pagningasin Mundo ay lilisanin Salubungin natin Siya sa Hangin (Alam n'yo ba iyon?) Mga bulaang propeta Nililiko ang Salita Niya; (Alam nating lahat na totoo 'yon, hindi ba?) Mahal

Siya,Mahal Siya Pagkat minahal Niya Ako Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo

113 Ilan ba sa inyo ang tunay na nagmamahal sa Kaniya, itaas ang inyong karnay. Ngayon, habang muli natin itong inaawit, gusto kong makipag-kamay kayo sa sinumang katabi ninyo, at sabihing, "Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay!" Tayo'y mga manlalakbay, hindi.ba? Mga manlalakbay at mga dayuhan. Mahal Siya, Mahal Siya (Ganyan nga, magkarnayan kayong nasa magkabilang panig ng mesa). 'Pagkat minahal Niya ako Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

Gusto ba ninyong makasama sa pag-agaw? Ilan ba ang interesadong makasama sa pag-agaw,sabihin ninyo, " Diyos ko, nais kong makasama nang buong puso ko." Kamay ng Doyos ang hawakan . Alam ba ninyo ang awit na ito? Alam mo ba ito sister? Kamay ng Diyos ang hawakan. Hindi ko lam kung saan... ba ang tipa nito . . . ? . . . Ano bang . . . Ha? Kamay ng Diyos ang hawakan! Kamay ng Diyos ang hawakan! Huwag umasa sa sanlibutan, Kamay ng Diyos ang hawakan! Gusto ba ninyo iyon? Sa dulo ng paglalakbay, Kung sa Diyos magtatapat, May tahanan kang naghihintay, Do'n sa kabilang buhay! Kamay ng Diyos ang hawakan ! Kamay ng Diyos ang hawakan! Huwag umasa sa sanlibutan, Kamay ng Diyos ang hawakan! Nais kong yumuko kayong sumandali. Hiyas ng mundo'y huwag nasain, Pagka't ito'y lilipas din, Ang hanapi'y yaman sa langit, Ito'y hindi magmamaliw! Kamay ng Diyos ang hawakan! Kamay ng Diyos ang hawakan! Huwag umasa sa sanlibutan, Kamay ng Diyos ang hawakan!

114 Ngayon, habang nakayuko kayo at iniisip ninyo ito, na iyinuyuko natin ang ating mga ulo sa alabok na ating pinagmulan, at isang araw ay ating babalikan; nalalaman mong mayroon kang isang kaluluwang dapat managot sa Diyos . . . At kung sa pakiramdam mo'y hindi ka pa handa para sa pagagaw na iyon; na kung ito'y rnagaganap ngayong gabi, at nais mong maalala sa panalangin, itaas mo lang ang kamay mo. Wala tayong lugar upang manawagan sa altar. Kung sabagay, ang altar n'yo ay nasa puso n'yo. Itaas mo ang kamay mo. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw, at ikaw. Naku! "Nararamdaman kong hindi pa ako handa, Brother Branham. Nais ko talagang maging isang Cristiano. Nagsikap akong rnaging Cristiano, ngunit tila laging may kulang. Alam kong wala lang ako sa dapat kong kalagyan. Maawa Ka, O Diyos. Itinataas ko ang aking kamay; mahabag Ka sa akin." Ngayon, may mga dalawampu O tatlumpung kamay na ang nakataas dito sa maliit na grupong ito. Marami pang nagtataas.

115 Mahal naming Diyos ,Alam mo kung ano ang nasa likod ng bawat kamay na nakataas at kung ano'ng ng nasa puso nila . Dinasalangin ko, Diyos na mahal . . . Isang bagay lamang ang nakaatang sa aking pananagutan at iya'y ang sabihina ang katotohanan . At mahal na Diyos, nais nilang maligtas Nais nilang tunay na . . . Hindi lamang isang pakikiramdam,emosyon o damdaming natangay, o isang sistemang maka-denominasyon, o kung anong kredo o dogmang idinagdag lamang. Nauunawaan nila. Ama, na ang kailangan ay ang dalisa'y at walang halong salita ng Diyos. Ang lahat ng iba pa ay lilipas, maging ang langit at ang lupa,ngunit Ito'y hindi lilipas.ASt namin.ngunit kami ay hindi rin lilipas,dahil kami ang Salitang iyon. Ang Nobya ng Nobyo.

Ako'y dumadalangin para sa bawat isa na ipinagkaloob mo sa kanila, Ama,tulad ng tapat kong dalangin . . . At pagpaumanhinan Mo ako, Ama kung ako'y naging lubhang kabado ngayon gabi, at dahil ako'y nahuli ng dating ,at ako'y ngangatog, at nagsasalita ng mga salitang kalat-kalat at putol-putol . kung maaari , o dakilang Banal na Espiritu, ay pagdugtungindugtungin Mo ang mga ito sa pamamagitan ng makadiyos Mong paraan At ihatid Mo ang mga ito sa puso ng mag taong ito mula sa aking puso pati na ang motibo at layunin na taglay ko sa aking puso sa pagsaysay ki nito Maaari ba, Panginoon? Iligtas Mo po ang maaaring maligtas at ilapit sila sa iyo, Panginoon. At nawa'y maging handa kami para sa oras ng pag-agaw na lubhang nalalapit na. Dahil ito'y hinihiling ko sa Pangalan ni Jesus. Amen Pagpalain kayo ng Diyos. At ngayon, ang pangulo ng — ng pagtitipon.

MESSAGE hub online

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7